That is why it is heartening that in recent months, the appreciation for the older films have grown steadily, maybe not yet to the level that they are commercially competitive with newer content — that may not even happen. But people now are aware and are more actively advocating the preservation of the past.

It used to be that ABS-CBN was only one of a handful of local groups working on preserving our films. Now, there are more people invested in the effort with both young and old audiences narrowing the generational divide that has made our society generally somewhat dismissive of anything old. We may not be restoring the most number of titles these days but there are certainly more of us restoring titles now.

As we make way for a new era and generation of Archivists and Cinema aficionados, we hope to leave behind a collection of films which, while not catching the full spectrum of our cinema legacy, will offer a gateway that they can explore and, hopefully, expand as new avenues, surviving copies and technologies become available.

That is a legacy we can all be proud of.



Leo Katigbak

began his career as a freelance writer, editor, producer and director for television in the mid-1980s. He established the ABS Film Archive in 1984 and later took on roles in content acquisition and programming for the broadcast channels of ABS and Studio 23. He was chief of staff in the president's office when he launched ABS-CBN Film Restoration. Now a consultant, he oversees the defense of Sagip Pelikula and the restoration efforts of ABS-CBN.

THE ARTIST'S PICKS

JUSTIN BESANA'S TOP 10 POSTERS THAT HE DESIGNED HIMSELF

GAY ACE DOMINGO

In 2024, Filipino artist Justin Besana marked his 14th year as a designer of film posters. It was in 2011 when he, a fresh Fine Arts Major in Advertising graduate, got a message from his college colleague Jayson Sarmienta. "He asked if I would like to try to create a study for a movie poster," Justin said of Jayson. Justin was skeptical but he eventually gave it a try. The project was the Vice Ganda starrer *The Unkaboggable Praybeyt Benjamin*, a comedy about a gay man (Vice) who pretends to be straight so that he could enlist in the army and save his grandfather who was captured by terrorists. For this, Justin had the protagonist crawling through the tall grass, wearing a camouflage uniform and a helmet with grass, twigs and flowers. "The management of Star Cinema really loved my design so they decided to use it as an alternate poster. They required an all-star for the main poster and what I created was a just a solo Vice Ganda poster."

Praybeyt Benjamin opened the door for Justin to design more film posters or key art images. Next were the rom-com *Unofficially Yours* which had stars John Lloyd Cruz and Angel Locsin naked except for a sheet of newspaper spread with the front page headline "Do relationships need an official status?", and the horror-drama *Corazon, Ang Unang Aswang* that had Erich Gonzalez and Derek Ramsay enclosed in what looked like a nest, holding each other's hands; Derek looking at Erich but Erich sinisterly averting Derek's gaze.

Designing posters for Filipino motion pictures is demanding. Pinoys are very star-oriented so producers want most of, if not all, the photos of the major cast on the poster. Those who approve of the design rarely consider subtlety, storytelling and artistry. Justin Besana changed the game. Through the years, his works have proven that this format can be creative and visually stunning without sacrificing the main purpose — which is to sell the film.

Like a painter who faces a blank canvas or a sculptor studying an unpolished slab, every film assignment still feels daunting for Justin. He said, "Each movie poses a different challenge for key art designers like me since we must show the audience the uniqueness of the film or series, and the reasons they must see it." For him the most difficult are those that require illustrations. "These give me an additional layer of difficulty because illustration is not my forte. But, as they say, a healthy amount of challenge keeps the fire burning."

Clients who understand and share Justin's vision are rewarded with designs or images that haunt the beholder long after the poster reveal.

Justin's talent has reached beyond the Philippines. Work for ABS-CBN and other Filipino entertainment companies keep him busy. Now, film-makers from abroad also commission him. Foreign press, such as UK's Sight and Sound, and art institutions like Staatliche Museen zu Berlin (National Museums in Berlin), have featured Justin.

As Justin enters his 15th year as a film key art designer, we asked him to look back and choose ten of his most favorite posters that he designed. He picked 13 and explained the reasons for his choices.

1 PRAYBEYT BENJAMIN (2011), UNOFFICIALLY YOURS (2012), CORAZON: ANG UNANG ASWANG (2012)

Someone from Star Cinema said to me that it comes in threes and these three titles are my stepping stone to the world of film and television. These are my sentimental favorites because without them, I wouldn't be the key art designer I am now.



2 WHETHER THE WEATHER IS FINE (2021)


It was one of my hardest projects, and because every little detail had to be examined and had to be relevant – the process was tedious but worth all the effort. I was happy embarking on the journey of designing this because this is basically my style as a surreal artist. Last year (2023), it was included in the "Big Screen Film Posters of All Time" in Staatliche Museen zu Berlin.

3 THE BROKEN MARRIAGE VOW (2022)

In terms of series marketing, this surprised us and proved a lot of things. There were publications and articles about it, and it generated a lot of buzz online. It proved how effective important key artworks are at marketing content.

4 RESTORED KAKABAKABA KA BA? (2015)

Although I have designed a lot of restored film key art, this initial poster for "KAKABAKABA KA BA?" is my particular favorite and stands out in my opinion since it was too avant-garde from my usual and it's experimental. It encouraged me to use only typography to tell the story effectively.



5 DIRTY LINEN (2023)


I believe this is the first television series we've released in recent years without any faces. We relied solely on storytelling, and it worked out well

6 DARNA (2022)

It was years in the making and I was really preparing for this. A lot had happened and when it finally pushed through, my father died. I channeled my grief and made something meaningful and dedicated this poster to my father. Even though this was emotionally taxing, we managed to fly through it all.

7 SUNSHINE (2024)

I've already made a number of ribbon art pieces similar to Kakabakaba Ka Ba?. However, I believe that this is the result of years of experimenting with this method.



8 Triangle of Sadness (PH release 2022)

When I was given the opportunity to design both Ms. Dolly de Leon's solo poster and the Triangle of Sadness PH poster, I felt goose bumps. Being a part of an international movie that has our own actor was just a dream and it finally happened. Neon Rated, the distribution company of TOS, even requested our permission to use our poster for their limited edition Blu-ray release.



9 LEONOR WILL NEVER DIE (2022)

This is my second Filipino film selected for the Sundance Film Festival. I had a great time working on this since director Martika let me be creative, playful, and fully explore Leonor's persona. I was interviewed and featured by the British Film Institute's SIGHT AND SOUND Magazine during its UK premiere; it was an unforgettable experience.





A FILM BY BRYERLY LONG AND TATIANA BLACKINGTON JAMES
 BRYERLY LONG & TATIANA BLACKINGTON JAMES PRESENT "HOMOLOGIES" A FILM BY ALEJANDRO HERNANDEZ TAM DE NOVALES JULIA FOZZI
 TIMOTHY CONDUKES MARTA RUDDO ALSO STARRING VIOLETA MADAL SPECIAL THANKS TO JUDE LANGSTON (CUBO RUBEN PUEBLA) & ALEXANDER RYDELL
 MUSIC BY TIM SEYMOUR DIRECTOR OF PHOTOGRAPHY PWC IN PARTIALITY BY TATIANA BLACKINGTON JAMES DIRECTOR OF CASTING BRYERLY LONG

10 Homologies (alternative poster, 2023)

Although I have produced a number of foreign film key art, this is my particular favorite because it was a lot of fun. Although my American producer and director did not particularly appreciate the design, it still inspires me to be innovative. I want to pursue surreal art, but I do understand and I am well aware that not all films are the same. It's just a personal pick for my soul.

As the talented young artist is on the road to his 1000th movie poster design, he wants to expand his wings and experiment with his art further. "I'm looking forward to working with a wider range of local and international filmmakers. What's really special about this is that learning from filmmakers from around the world, it helps me develop and improve my visual storytelling; it opens up my imagination. I get to absorb a wealth of knowledge from individuals with diverse backgrounds and I gain a deeper understanding of the visual language for different audiences," said Justin.

Mounting an exhibit, designing a poster for a Korean drama or film, or for A24, or Neon, or a Hollywood outfit, these are part of his wish list. Wherever his art takes him, Justin will always be proud to be Filipino. "Sticking to my roots while expanding my horizon is really my goal."



Gay Ace Domingo

is in charge of Marketing & PR at San Anselmo Publications, Inc.

Tralala Kingdom

Doon po sa amin, kingdom ng Tralala
Maraming hiwaga ay walang adarna;
May mga prinsipe, hari, at prinsesa,
May mga pulubi, payaso, at donya;
Banyaga ang ngalang Rogelio't Amalia
At Max Eddie't Salva pati kontrabida.

Ang mga payasong kasama ni Dolphy
Ay Pugo, Cachapoy, Chichay, at gurami,
Pampatawa sila sa bayang pulubi;
At pagtawa'y gamot sa buhay na api,
Dahil po ang letson para lang sa konde
At obispong laging may alak at karne.

Bawal sa Tralala'ng rebelde't himala
Dahil lumalason sa isip ng madla;
Bawal ang rebeldeng may diwang sarliwa
Dahil parang gulay madaling masira;
Bawal ang himala dahil nakahidwa
Ng raket sa lumang bendita't kandila.

Bawal din ang droga, pero ang nabisto
Reyna ang kapural sa damo at shabu;
Bawal din ang puta pero ereder
Nadakil sa kasa ng bomba at porno,
Natutop ang Hari at tatlong kerido,
Kayâ pinalayas sila sa palasyo.

Nauso ang Brocka, Marilou, at Bernal
Pagsilip sa dumi ng lungsod na banal;
Nag-aaway-away: pamaypay-superstar,
Pila sa takilya ng kanta't sayawan;
Nauso'ng artistang meyor at kongresman
May Erap umistar hanggang Malacañang.

Ang Tralala Kingdom ay lalong nagutom
Habang tumatabâ ang ilang poon;
May sindikato na pati police major,
Niraket ang covid, famas, philhealth, pagcor,
Ang POGO, ang riles... daming alimuom,
At may nagmarites — magrerebolusyon!

Ano ang nangyari? Nang magkaeleks'yon,
'Binalik ang Hari ng 21 milyon,
Daming pista't peste sa Tralala ngayon!
Madrama sa TV ang imbestigasyon!

At SONA ng Hari, "Mahal kong Tralala:
Lagi nang magpista, aliwin ang masa,
At anumang peste'y maiinda nila,
Maski nawawalâ'ng tinapay sa mesa,
Basta't may tawanan walang mag-aalsa."
Tara na, Tralala, tara na, Tra... lala...

20 Setyembre 2024

RIO ALMA

Si Direk

"Sus, Santa Barranca!" Yan ang sambitlaing paborito niya;
Sa electrifying, daig pa ang bomba sa Plaza Miranda.
At k'widaw, pag ikaw ang nadeskartehan o napasadhan,
Para kang pinapak ng putakti't pukyt na nagkawan-kawan.
"Magpasens'ya ka na," ang bulong ng iba, "at moody si Direk."
"Genius kasi..." "At temperamental!" "At napaka-perfectionist!"
Talagang 'Ika nga'y magkahalong poot at todong pagsamba
Sa mga produksiyon ang tingin ke Direk ng mga kasama.
Kung minsan ay anghel. Kung minsa'y demonyo. Depende sa torno.
Kung bakit talagang matalino naman basta't sa teatro,
Napa-feature pa raw sa magasing Kanô bilang "man of talents."
(Ewan kung iyon din ang pinag-usbungan ng tangos ng puwet.)
Kayâ sa sanay na, anuman ang andar at pasiklab niya
Di na pinapansin. Utot n'ya, bahô n'ya," pilosopya nila.
Ang siste lang nitô, sa bulong-bulungang masama't mabuti,
Lalong naging legend ang bagyo sa ulo't b'yada ng kukote.

Binatang-binata. Sabi'y di masilô at lubhang mallap.
(Pero sa astang 'to, milagro ngang merong magtangkang mangarap.)
Kung titingnan mo lang, di ka mai-impress at sa biglang tingin
Di mo iisiping ito'y isang tao na me mararating;
Nguso'y nakatikwas, animo'y kabayong laging nakaingos,
Tenga'y nangagtinghas, para bang eliseng handang bumulusok,
Ang mata'y tila ba pabural-bural kundi nasasangga
Ang sayoteng ilong at lagpas tres s'yentos niyang antipara.
Katawan? 'Ika nga'y dibdib-ketepone at di maikubli
Ng barong maluwang ang parilyang p'wedeng ihawan ng turkey.
Maliban sa lakad na laging pasagsag — ay masasabi mo
(Kahit kasalanan itong pintasero sa tao't kabayo)
Ito pong si Direk, saanman sipatin, anuman ang galing,
Ay p'wedeng kadobol ng new Rocinanteng me baro't salamin.



Virgilio S. Almario

Pambansang Manlilikha sa
Panitikan

Laging pasan niya'y fatigue na shoulder bag na napakalapot
Ang mantsa ng gámit, at sabi'y rekwerdo ng two years sa New York.
Pero parang ito ang kaniyang bodega ng eccentricities.
Kapagka um-Ingles, kumtodo "Ah" at "Well" with his East Coast accent.
At halos bumuga pati laway sa parihabâ n'yang bibig
Sa pag-aaspire ng kaniyang consonants. Siyempre, ang bisig
Painda-indayog, lalo't nag-istres ng isang brilliant point.
Sumasalipadpad pati mga siko, at kung pumirikot,

Sino ba si Bruce Lee at ang mga master ng kung-fu at judo?
At kung sumasaltik ang mga daliri — para dramatiko —
Na laging me ipit na isang Chesterfield, lumâ si Buruka
And her magic tungkod: Sa bawat pagkompas, kung kursunada ka
Ay mamadyikin ka para maging isang Brando o si Presley
At kung kaaway ka, para kang gagawing maupôs na ashtray.
Dapat ding mapansin ang pilig ng ulo (Hindi ito charot,
Ito'y sinasadya kahit na magmukhang turumpong kangkarot).
Sapagkat sa bawat pagkiling, pagsuling, pagtango't pag-iling
Ay sumasamburga ang kaniyang malago't buhok na maitim,
Ala-Dylan Thomas, medyo tander rocker, o kayâ mestisong
Isang angry young man sa kanlu-kanluran nating entablado.

Kapag ininterbyu: De-rapidong bukadura'y spirited
Magtadtad-magbusa, ika nga, from the Greeks to werswers,
Ultimong set design ng primerong Hamlet. At pag sa local scene,
Ang talas ng dila'y 'alang pakundangan sinumang litisin
Na colleague at kullig: "Si Brochas ay bakla!" "Si Guirote'y pseudo!"
Si Borna! ay bakya! "Marilao? Tsamba lang! "Si Orlando Tonyo?
Ke Klase? Ang bagay sa kaniya'y magtinda ng tela't magsastre!
Si Bellasna? Nakul Puro tourist postcards ang naidirehel!
Well, just wait till I get into movies... " Etsetera, eteap'wera.
Dalahirang labi maski na tahiin parang di masarâ.
Siguro ang tigil sa pagsirit nitô'y pagdating ng hamog:
Tiwarik sa kâma si Direk, kung bagâ sa sandok, nahulog
Sa gintong palayok ng mga pangarap. Subalit patúloy
Ang giling ng utak, maski pasandrit ang palyadong ilong;
Guniguni'y direktor siyâ ng modern Prinsipe Rodante
At umaasiste sina Kurosawa, Bergman, at-Fellini.

20 Enero 1970, Rev 21 Setyembre 2024

PAANO NGA BA MAGBASA NG PELIKULA? APAT NA DULOG SA PAGSUSURI NG PELIKULANG FILIPINO

NICANOR G.
TIONGSON

INTRODUKSIYON

Hindi mapasusubaliang isa sa pinakapopular na sining sa Filipinas ang pelikula. Mula nang unang magpalabas ng pelikulang pipi noong 1897 hanggang sa magsalita ang pelikula noong 1933 hanggang sa magkaroon ng kulay ang pelikula noong dekada '50 hanggang sa maimbento ang *digital video technology* noong 1999, kinagiliwan na ito ng mga manonood mula sa iba't ibang saray ng lipunan. Dahil sa popularidad nito, nagkaroon ito ng kapangyarihan na humubog ng kaisipan at panlasa ng mga manonood. Kaya naman ginamit na rin ng mga komersiyal na prodyuser ang mga pelikulang genre di lamang para kumita kundi para itaguyod ang pananaw at interes ng establisimyento. Sa kabilang banda, sa labas ng industriya, naipahayag ng alternatibong pelikula o indie film sa isang masining na paraan ang katunggaling pananaw at interes ng nakararaming hubad sa poder at yaman.

Kung ganito na kalaki ang kapangyarihan ng pelikula na magpalaganap ng mga ideyang makabubuti o makasasama sa taumbayan, marapat lamang na turuan ang manonood na huwag magpabalag sa aliw na dulot ng puting-tabing, kundi manapa'y matutong basahin ang mas malalim na kahulugan ng pelikula at tukuyin ang mga mensaheng isinisingit o ipinupuslit o iginiglit nito, habang inaaliw ang tila nagayumang manonood. Para masuri ang pelikula sa isang masusing paraan, iminumungkahi naming gamitin ang sumusunod na apat na dulong: 1) ang pagsusuri sa pelikula bilang likhang-sining; 2) ang pagtukoy sa mga konteksto sa paggawa ng pelikula; 3) ang pag-unawa sa naging dating ng pelikula sa mga manonood; at 4) ang pagtimbang sa sinasabi ng pelikula sa pananaw ng Kamalayang Pilipino na maka-TAO.

UNANG DULOG:

Ang Pagsusuri ng Pelikula Bilang Likhang-Sining

SA DULOG NA ITO, ang tanong na kailangang sagutin ay ito: Ano ang temang/mga temang ibig ipahayag ng pelikula at paano niya ito ipinapahayag gamit ang mga elemento ng pelikula at sa estilong pinili ng pelikula?

Mahalagang tukuyin sa simula pa lamang ang estilo ng pelikula, pagkat ang lahat ng elemento ng pelikula ay nagbabago batay sa piniling estilo. Dalawa ang pangunahing estilong madalas gamitin sa loob at labas ng industriya ng pelikula sa Filipinas: a) ang estilo ng mga pelikulang genre, tulad ng drama, aksiyon, komedi, horror, fantasy, bomba, at iba pa, na ang pangunahing layunin ay maglahad ng istorya para maaliw ang manonood, at b) ang estilo ng art film, New Cinema, alternatibong pelikula o indie film, na naglalayong ipahayag ang personal na bisyon ng direktor at ang pagkaunawa niya sa pagkatao ng Filipino at mga suliraning kinakaharap niya sa kaniyang lipunan. Ang unang estilo ay nabuo at naitakda batay sa mahabang tradisyon ng komersiyal na pelikula, samantalang ang pangalawa ay karaniwang matutunghayan sa ilang pelikulang ginawa, sa loob man o labas ng industriya, na orihinal, masining, at may integridad.

Sa pelikula, komersiyal man o alternatibo, ang pangunahing awtor o tagapamahala ay ang direktor. Alam man niya o hindi, siya ang pinanggagalingan ng interpretasyon ng

isinasalaysay ng pelikula. Para mai-parating niya ang kaniyang bisyon para sa pelikula, kailangang pagsanibin niya ang iba-ibang elemento ng pelikula sa isang malinaw at/o malikhaing paraan. Kabilang sa mga elementong ito ang iskrip, ang pagganap ng mga aktor, ang disenyong pamproduksiyon, ang potograpiya o sinematograpiya, ang editing, at ang paglalapat ng tunog at musika.

Ang batayang elemento ng pelikula ay ang iskrip na siyang nagsisilbing balangkas at istruktura ng buong pelikula. Ang iskrip ay may naratibo na siyang nagtataghi-taghi ng mga tauhan at pangyayaring magaganap sa kabuuan ng pelikula — batay sa kung paano nakikita at hinuhubog ng manunulat at direktor ang realidad na kanilang pinapaksa. Sentral sa naratibo ang mga tauhan na may hinahanap, minimithi, o ibig makamit at handang magsakripisyo o makipaglaban sa sinumang humadlang sa kaniya sa pagkakamit niya ng kaniyang layunin. Kaugnay nito, kailangang sagutin ng manunuri ang ilang tanong. Sino ang pangunahing tauhan at ano ang kaniyang ibig makamit? Ano at sino ang kaniyang makakatunggali na magiging balakid sa kaniyang pagtatagumpay? Ano ang kahihinatnan ng ganitong pagtutunggali? Malinaw ba ang istruktura ng *plot* o banghay, mula pagbubukas ng pelikula hanggang sa rurok nito hanggang sa pagwawakas? Malinaw ba ang development ng pangunahing tauhan

mula pagbubukas hanggang pagsasara ng pelikula? Dagdag pa, kailangang tukuyin ang punto de bista na ginagamit ng pelikula pagkat ito ang mata, tinig, at kamalayan na humuhubog at gumagabay sa pagsasalaysay. Ito'y maaaring punto de bista ng pangunahing tauhan o isa sa mga tauhan, o ito ri'y maaaring obhetibong pananaw ng *omniscient filmmaker*.

Bukod sa naratibo, kailangan ding unawain at ipaliwanag ng manunuri kung paanong binibigyang-buhay ang iskrip ng pagganap ng mga aktor, sinematograpiya, disenyong pamproduksiyon, editing, musika, at tunog.

Malaking bahagi ng ikatatagumpay ng isang pelikula ang pagganap ng mga aktor. Ang pagganap na ito ay nag-iiba batay sa estilo ng pelikula. Iba ang kumbensiyon o estilo ng pag-arte (mas palabas, nagpapahiwatig ng bida at kontrabida) sa drama, komedi, horror, aksiyon, fantasy, at iba pang genre. Sa mga pelikulang gumagamit ng estilong realistiko, kailangang pag-aralan ng aktor ang buong pagkatao ng papel/tauhanang kaniyang ginagampanan. Sinasaliksik ng mga seryosong aktor ang bakgrawn, pangarapin, suliranin, pisikal na dating, aktitud, paraan ng pagkilos at pagsasalita, at kabuuang sikolohiya ng ganoong tauhan. Higit sa lahat, kailangang maunawaan niya ang mga motibasyong nagpapakilos sa tauhan at ang relasyon nito sa iba pang katakter ng pelikula. Kung sensitibo ang aktor, mapapaniwala niya ang manonood na totoo ang mga kaisipan at damdaming ipinapahayag niya at mahuhulog ang loob ng manonood sa kaniya.

Ang sinematograpiya ang iba't ibang paraan kung paano ginagamit ang kamera para kumuha ng mga shot, ang posisyon nito na maaaring nakatingala mula sa ibaba o nakadungaw mula sa itaas, ang galaw nito

mula kanan papuntang kaliwa o vice versa (*pan left, pan right*), mula itaas pababa at vice versa (*tilt down o tilt up*), o lumalapit-lumalayo sa aktor (*dolly*) o sumasabay sa kaniya sa kaniyang paggalaw sa eksena (*track*). Mahalagang aspekto ng sinematograpiya ang pag-lilaw – ang lohikal na pinanggalingan nito, ang ibang ilaw na nagpapalabas sa iba-ibang detalye o nagpapahiwatig ng oras o panahon. Pinaplano din ng kamera ang mga kuha na may *foreground, middle ground, background* at iba pang uri ng pagkukuwadro o framing para linawin ang nangyayari sa eksena at isali o dagdagan o alisin o bawasan ang empasis sa mga aktor o detalye ng disenyong pamproduksiyon ayon sa bisyon ng direktor. Isang bagong gamit sa kamerang nauso sa pagdating ng magagaang digital kamera ang estilo ng “meandering camera” kung saan gumagalaw ang kamera (hawak ng kameraman) para higit na maging dinamiko ang aksiyon ng isang eksena.

Ang disenyong pamproduksiyon o *production design* ay ang pagpili at paghahanda sa mga lugar at/o balangkas gagamitin bilang set ng bawat eksena ng pelikula. Maaaring ito'y naroon na at dadagdagan na lamang o itatayo sa loob o labas ng istudyo. Ang set na ito ay nilalagyan din ng tamang kagamitan at dekorasyon o *set props*. Kasama din sa disenyong pamproduksiyon ang mga kostyum at kostyum props, make-up at *coiffure*, at kung minsan prostetiks, na babagay sa panahon ng eksena at karakter ng mga tauhan.

Kapag nakunan na ang magkakahiwalay na mga eksenang bumubuo ng iba't ibang bahagi ng iskrip, magsisimula na ang *post-production phase*. Sa editing, pagdurugtong-dugtungan ang lahat ng mga shot para mabuo ang mga eksena ng pelikula ayon sa pagkakasunod-sunod sa iskrip. Maaring alisin sa editing

ang mga eksenang hindi esensiyal, lumikha ng *suspense*, at iba-ibang *effect* o ritmo sa naratibo ng buong pelikula. Pagkatapos, ilalapat ang mga tunog ng diyalogo na maaaring nirekord na *live* o kaya'y *ida-dub* na lamang, at iba pang tunog o *sound effects* na hinihingi ng mga pangyayari sa eksena (putok ng rebentador, ihip ng hangin, awit na naririnig mula sa malayo) para mapatingkad ang damdamin o mood ng isang eksena (nakatatokot, masaya, malungkot, pormal, mapaglaro) maaaring lapatan ito ng musika. Kung minsan, may temang musika o *theme music* na ginagamit sa kahabaan ng pelikula sa iba't ibang *variation* nito.

Ang Konteksto ng Paggawa ng Pelikula

PANGALAWANG DULOG:

MATAPOS SURIIN ANG katangian ng pelikula bilang likhang-sining, mapalalalim pa ang pagkaunawa rito kung matutukoy kung sino ang gumawa nito, bakit ito ginawa, at para kanino ito ginawa. Gayundin, mahalagang malaman kung ano ang mga kalagayang pansining at pampelikula at kung ano ang mga kondisyon sa ekonomiya, politika, relihiyon, at lipunan, na maaaring nagkaroon ng Impluwensiya sa paggawa ng pelikula.

Kung ano ang prodyuser, ganoon din ang pelikula. Bagaman hindi ito laging totoo (ang

At dapat lamang ulitin, na ang lahat ng nabanggit na elemento — ang iskrip, pagganap ng aktor, sinematograpiya, disenyo ng produksiyon, editing, paglapat ng tunog at musika, at iba pang aspekto ng paggawa ng pelikula — ay nasa kontrol ng direktor. Siya ang lumilikha ng mga eksena (*miseen scene*) at nagtatahi-tahi nito para mabuo ang naratibo ng pelikula at mapalutang niya ang kaniyang bisyon para sa pelikula. Kung matagumpay ang gagawing pagsasanib ng mga elementong ito, magiging likhang-sining ang isang pelikula.

masining na *Sisa*, 1952, ni Gerardo de Leon ay produkto ng isang komersiyal na istudyo), tila ganoon nga ang kalakaran. Mula 1933 nang matatag ang malalaking istudyo hanggang sa pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig nang namayagpag ang Big Three mula 1945 hanggang 1960 at pagkatapos nila ang mga independent prodyuser nang sumunod na dalawang dekada, ang iniluwal ng mga prodyuser ay pelikulang genre dahil ito ang kinahiratihan na ng iba't ibang uri ng manonood, kaya tiyak ang kita sa mga ito. Sa ganitong sitwasyon, kinailangang ipaglaban

ng mga direktor na tulad nina Ishmael Bernal at Lino Brocka sa kanilang mga prodyuser ang mga pelikula nilang may seryosong tema at masining ang pagkakagawa.

Pero noon pa mang dekada '70, marami nang direktor na lumikha ng mga pelikulang "alternatibo" (ibig sabih'y iba sa karaniwang komersiyal na pelikula) na magagawa lamang sa labas ng sistemang istudyo. Itinatag ni Manuel Conde ang Manuel Conde Productions para sa mga pelikula niyang umiinog sa mga isyung panlipunan, tulad ng *Juan Tamad Goes to Congress*, 1959, na hindi ipoprodyus ng mga istudyo dahil pinupuna nito ang mga ilegal na gawain ng mga nasa kongreso. (Tiongson 2007) Noong 1977, nilikha ni Kidlat Tahimik ang kaniyang obra maestrang *Mababangong Bangungot* na kinilala sa Berlin Film Festival. Pero dumami na lamang ang mga pelikulang likhang-sining o art film nang dumating ang teknolohiyang digital video (DV) noong 1999. Dahil mas mura na ang teknolohiyang ito at makagagawa na ang filmmaker ng sarili niyang pelikula, nakalaya ang indie film sa tanikala ng komersiyal na prodyuser at namukadkad at kumalat ang malaman at masisining na indie film di lamang sa Kamaynilaan kundi pati sa iba't ibang rehiyon ng Filipinas. Radikal ang naging pagkakaiba sa *mode of production* ng sistemang istudyo patungong pelikulang indie.

Ayon sa dalawang paraan ng produksiyon na nabanggit, mauuri din ang mga direktor sa dalawa: a) iyong mga direktor na tagapamahala lamang ng produksiyong maayos na nagsasalaysay lamang ng kuwento (*metteur-en-scene*) ng komersiyal na genre, at b) ang mga direktor na may bagong insight na ipinapahayag sa ating pagkatao at pagka-Filipino at ginagamit ang mga elemento ng pelikula sa isang malikhaing paraan para ipahayag ang mga kaisipang ito (*auteur*).

Marami sa mga direktor ng mga istudyo, lalo na noong mga unang dekada ng pelikula, ay hindi propesyonal na direktor, kundi natuto ng pagdederehe sa mga nauna sa kanila o dili kaya'y sa panonood ng mga pelikulang Hollywood na bumaha sa bansa, lalo na pagkatapos ng digmaan. Bagaman karamihan sa mga direktor na ito ay karaniwang pang-genre, kabilang din sa kanila ang mga direktor na primera klase na taal at tunay na artista, tulad nina Gerardo de Leon at Lamberto Avellana. Kinailangang gumawa ang dalawang ito ng mga pelikulang komersiyal para kumita ang istudyo na nagsusuweldo sa kanila, pero hindi ito naging sagabal para makagawa sila ng mga pelikulang itinuturing na ngayong mga klasiko ng pelikulang Filipino. Ganito rin ang nangyari kina Bernal at Brocka noong dekada '70 hanggang '90.

Sa sistemang istudyo, ang pumipili ng mga artista ay ang mga prodyuser, batay sa kanilang panlasa at sa inaakala nilang may hatak sa masang manonood. Karamihan dito'y mga mestiso at mestisa, na tinuruan ng pag-arteng gangganito; bilang bida na dapat kaawaan at kagiliwan o kontrabida na dapat kainisan at kamuhian ng manonood. Sa sistemang art film, alternatibong pelikula, at indie film, ang batayan ng pagpili sa artista ay kung bagay ba ito sa istorya at tema ng pelikula at marunong ba itong umarte sa estilong realistiko (*internalized acting*), kaya maraming artistang kamukha at kabalat ng karaniwang Filipino na nahasa sa teatro ang itinampok at nakilala sa mga obrang indie. At di na dapat pagtakhan, magkaiba rin ang estilong alam at gamit ng iba pang artista-teknisyan ng pelikula (sinematograpar, taga-ilaw, editor, tagapamahala ng tunog, kompositor, atbp.) — iyong para sa mga pelikulang genre at iyong para sa estilong indie.

Tulad ng nabanggit na sa itaas, ang pangunahing layunin ng mga istudyo at independent prodyuser (lalo na noong dekada '70 at '80) ay magkamal ng tubo sa kanilang puhunan. Natural ito marahil dahil ang tingin sa pelikula noon pa man ay kalakal at industriya. Bagaman karamihan ng mga independent prodyuser noon ay walang pakundangan na isinakripisyo ang mahahalagang elemento ng pelikula (e.g. iskrip, disenyong pamproduksiyon) para mabawasan ang gastos sa pelikula, may mga prodyuser at istudyong tulad ng Sampaguita, LVN, at Premiere na nagluwal ng mga pelikulang komersiyal man ay tila masinop ang pagkakagawa at pinag-isipan ang direksiyon, disente ang pagganap, at mayroong matatawag na disenyo ng produksiyon. Gayunman, kahit ang mga istudyong ito ay waring laging naghahabol sa gastusin, dahil noon ang buwis ng gobyerno sa mga pelikula ay totoong napakabigat at kailangang kumita ang pelikula ng tatlong ulit ng kaniyang orihinal na puhunan para lamang mabawi ang puhunan. Sa gross na kitang iyon, 30 porsiyento ang napupunta sa buwis, 30 porsiyento sa mga teatrong nagpapalabas ng pelikula, at 40 porsiyento sa prodyuser. Kaya naman nang sunod-sunod na nagwelga ang mga manggagawa ng istudyo para humingi ng umento sa kanilang mga sahod simula noong 1960, isa-isa na ring tumiklop ang malalaking istudyo kaysa malugi nang tuluyan.

Sa kabilang banda, ang nangingibabaw na dahilan sa paglikha ng mga art film, alternatibo o indie filmmaker ay ang pangangailangang ipahayag nila ang kanilang mga opinyon, saloobin, at damdamin tungkol sa mga mamamayan at komunidad ng lipunang Filipino. Dahil ang karamihan sa mga pinapaksa at tema ng mga pelikulang ito ay seryoso, bihira ang mga prodyuser, mulat man o hindi, na mamumuhunan nang malaki

sa ganitong uri ng pelikula. Kaya naman ang direktor na rin ang karaniwang tumatayong prodyuser at distribyutor, at kung minsan, sinematograpar, editor, at pablisist na rin. Kaya naman napakalaking biyaya sa mga indie filmmaker ang mga grant na binibigay ng mga *indie film festivals and competition*, tulad ng Cinemalaya, Cinema One (noon), CineFilipino, Sinag Maynila, Pista ng Pelikulang Pilipino, at iba pang grupong nagbibigay ng tulong. At dahil kulang sa pondo, madalas ay sa mga festival lang napapalabas ang mga indie film dahil walang gagastusin para sa malawakang eksibisyon at distribusyon.

Tungkol naman sa tagapanood ng mga pelikulang ito, ang pinupuntirya ng mga prodyuser na komersiyal ay ang pinakamalawak na publiko, na binubuo ng iba't ibang sektor na may kani-kaniyang panlasa sa pelikula. Para masaklaw ang pinakamalawak na bilang ng publikong ito, sinundan ng mga lokal na prodyuser ang estratehiya ng *niche-marketing* ng Hollywood. Sa iskemang ito, ang mga genre ay pinatutungkol sa tiyak na mga sektor: ang pelikulang aksiyon ay para sa kalalakihang mahilig sa labanan; ang drama ay para sa kababaihan na mahilig sa mga emosyonal na paksain at nasaaliw sa kanilang pagluha sa mga eksaheradong eksena ng mga batang sinasaktan ng madrasta, pag-aasawahang mailgalig atbp.; ang komedi ay para sa buong pamilya kaya patok na patok sa Kapaskohan; ang mga horror at/o fantasy ay maaring pampamilya rin; ang bomba ay para sa kalalakihang mahilig sa seks. Sa ganitong paghahati-hati ayon sa genre, lalo lamang tumitibay, napapanatili, at lumalaganap ang mga *stereotype* ng babae, lalaki, asawang babae at asawang lalaki, magulang at anak, matanda at bata, na nagtataguyod sa patriarkiya at nag-etsapuwera sa babae, LGBTQ+, bata, at matanda.

Samantala, ang mga indie film ay ginagawa ng mga filmmaker para sa mga festival at kompetisyon, mga *cause-oriented* na grupo, at mga apisyonadong nasa hayksul at kolehiyo. Dahil sa kawalan ng distribyutor, bihira ang mga indie film na napapalabas pagkatapos ng festival, sa iba't ibang venue na komersiyal sa Maynila at mga rehiyon. At mapalabas man ay hindi gaanong nakakaakit ng tagapanood na 'sinlaki ng sa mga pelikulang genre, marahil dahil iba ang estetika ng pelikulang indie na hindi palabas kundi paloob. Sa halip na mang-alih ito sa pamamagitan ng katatawanan, pagluha, pagkatakot, at pagkamangha sa mga pantastikong mundo, hinihingi nitong tahimik na manood ang tagapanood at pagnilayan ang mga salaysay at isyu na inilalahad ng pelikula. Hindi sa walang aliw na dulot ang mga pelikulang masining, kundi iba ang aliw na alay nito pagkat nanggagaling sa ligayang bunga ng bagong pagkaunawa sa mga realidad ng lipunan na inilalahad sa isang paraang masining na nakaantig rin ng malalim na damdamin.

Para higit na maunawaan ang konteksto ng isang pelikula, mahalaga ring malaman ang mga balon na pinagsalukan nito ng mga paksa, tema, tauhan, kuwento, at kahit estilo ng produksiyon. Sa kaso ng mga istudyo, madalas na humahango ang kanilang mga pelikula ng mga kuwento at tauhan mula sa mga obra maestra ng panitikang Filipino (e.g., *Florante at Laura*, mga nobela ni Rizal); sa popular na nobela ng Liwayway at ibang magasin (e.g., *Punyal na Ginto*); sa mga kilalang programa sa radyo, tulad ng drama (e.g., *Gulong ng Palad*), paligsahan sa pagkanta (*Tawag ng Tanghalan*) at sitcom (e.g., *Sebya, Mahal Kita*), at sa telebisyon, tulad ng istoryang horror (e.g., *Gabi ng Lagim*) o sitcom (e.g., *John en Marsh*); at higit sa lahat, sa komiks (e.g., *Dyesebel, Darna, Jack and Jill, Kalabog en Bosyo*, at marami pang iba). Mahilig ding gumawa ang mga komersiyal

na prodyuser ng mga pelikula tungkol sa mga nakahihindik na pangyayari (e.g., *The Maggie de la Riva Story at The Vizconde Massacre*). Ano ang *common denominator* ng lahat ng istoryang ito? Kilala at kinagigiliwan sila ng laksang manonood, na malamang ay nakaeenganyo ding manood ng bersiyon sa pelikula ng kanilang paboritong istorya o tauhan. Tiyak na ang kita sa takilya,

Sa kabilang banda, humahango ang mga art film, alternatibong pelikula at indie film ng mga kuwento at tauhan sa mga akdang pampanitikan (e.g., *Ibong Adarna, Ibalon*) o pantearo (e.g., *Sa North Diversion Road*), sa kasaysayan (e.g., *Ang Paglilitis kay Bonifacio*), ngunit higit sa lahat, sa mga tunay na pangyayari, tauhan, at isyu sa lipunan (tingnan sa ibaba). Mahalagang impluwensiya sa estilo ng direksiyon, pagganap, disenyong pamproduksiyon, sinematograpiya, at editing ng art film, alternatibong pelikula, at indie film ang mga art film at kilusang pansining mula sa Europa (Italia, Francia, Sweden, Germany), Amerika (Estados Unidos, Mexico, atbp) at Asya (Japan, India, atbp.).

At di dapat kalimutan ang isa pang balon ng inspirasyon para sa mga pelikula — ang mga kondisyon, tauhan, o pangyayaring may kinalaman sa politika, ekonomiya, relihiyon, at pangkalahatang kultura ng bansa. Maraming mga politiko at opisyal ng gobyerno na may ambisyong politikal ang namuhunan sa mga pelikulang pumapaksa sa kanilang buhay at nagpapatingkad sa kanilang kahanga-hangang katangian, na madalas sa hindi ay eksaherado, pinaganda, hindi totoo, o tsismis na nagpapanggap na *history* (e.g., *Maid in Malacanang*). Pero may mga pelikulang komersiyal at indie na kapani-paniwala ang interpretasyon sa mga tauhan at pangyayaring politikal sapagkat nakabatay sa maingat

na pananaliksik sa mga dokumento ng mga tauhan at pangyayaring ito. May pelikula si Gerardo de Leon tungkol kay Moises Padilla na pinaslang dahil kinalaban niya sa eleksiyon ang bata ng isang mayaman at marahas na *incumbent governor* (*The Moises Padilla Story*). May mga indie film na tungkol sa batas militar ni Marcos (ML), militarisasyon sa Mindanao (*Tu Puig Imatuy*), at drug war at EJK (*Respeto*). May mga pelikula ring komersiyal tungkol sa mga isyung pangkabuhayan tulad ng leganap na kahirapan (*Pasan Ko ang Daigdig*), eksploytasyon ng mga manggagawa (*Kapit sa Patalim: Bayan Ko*), paglaganap ng prostitusyon dahil sa kahirapan (*Live Show*). May mga pelikulang tumatalakay sa kahungkagan ng mga milagro (*Himala*)

at pagkalipol ng mga pamilya dahil sa rido o clan war sa Mindanao na isinusulong ng sistemang patriyarka na bumibiktima sa mga bata at kababaihan (*Women of the Weeping River*). Mahalagang pansinin na ang mga pelikulang may mabibigat na isyung panlipunang tinatalakay tulad ng mga nabanggit ang karaniwang pinupuri ng mga kritiko at manonood na *film literate* at siyang tumatanggap ng matataas na pagkilala sa loob at labas ng Filipinas. Sila rin ang bumubuo ng kanon ng pelikulang Filipino o listahan ng pinakamahuhusay na pelikulang nagawa ng mga artistang Filipino. Dahil, wika nga ng isang kritiko: "The best artists are realists."

ANG PANGATLONG DULOG: Ang Dating ng Pelikula sa Manonood

SA DULOG NA ITO, ang sinusuri ay ang naging dating o epekto ng pelikula sa iba't ibang sektor ng manonood at ang estetikang kinagigiliwan ng manonood. Paano nga ba masusukat ang dating na ito?

Una, kung popularidad ng pelikula ang pag-uusapan, katibayan nito ang *audience count* at ang mismong kinita nito sa takilya, at pati na ang tagal ng pagpalabas nito at dami ng sinehang nagpalabas dito. Ingatan lamang na ang datos na makukuha sa kita sa

takilya ay hindi iyong galing sa mga patalastas ng pelikula na, sabihin pa ba, ay talagang pinalalaki kung minsan ang audience count para himuking manood ang maraming iba pa. Sa kabilang banda, bihirang-bihira ang indie film na nagiging "patok sa takilya" at isa na dito ang *Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros* na idinistribut ng isang *marketing agency* ng malaking network at naipasok sa regular na iskrining ng maliliit na sinehan sa malls.

Pangalawa, masusukat din ang epekto ng pelikula, at ang uri ng epekto nito, sa reaksiyon sa midya, partikular, sa mga post sa social media, sa mga *feedback* ng *commentators* at *hosts* sa mga programa sa radyo at telebisyon, sa mga rebyu sa diyaryo at magasin na karamiha'y nasa internet na rin, at sa mga journal na inilalabas ng akademya. Karamihan sa mga feedback sa mga nasabing outlet ay karaniwang maigsi at pahapyaw lamang, at nakatuon sa popular o nakatatagwag-pansin na aspekto ng pelikula (e.g., ang pagganap ng artista o personalidad na popular, *sensational* na paksa, at mainit at kontrobersiyal na isyu). Ang malalim at sistematikong pagsusuri ng pelikula ng mga manunuring nag-aral ng pelikulang Filipino ay mababasa sa mga journal ng akademya. Sa kasamaang-palad, kakaunti ang nakababasa sa mga pagsusuring akademiko, kung ikukumpara sa libo-libong nagbababad sa internet o nakikinig sa radyo o nakikinig sa telebisyon. Ngunit sa pagbabasa ng anumang feedback sa pelikula, laging kilatisin kung ito ay awtentikong pagsusuri o *press release* na pinamudmod ng mga alipores ng prodyuser.

Pangatlo, isang uri ng sukatan hindi sa popularidad kundi sa kalidad ng isang pelikula ang mga taonang pagkilalang ipinamamahagi ng mga grupo ng mga manunulat, kritiko, at iskolar ng pelikulang Filipino, at pati na yaong mga pagkilalang galing sa mga grupo sa ibang bansa. Ilan sa mga *award-giving bodies* na deka-dekada nang nagbibigay ng award ang FAMAS, Gawad Urian ng Manunuri ng Pelikulang Pilipino, ang Star Awards ng mga miyembro ng movie writers associations, ang YCC awards ng Young Critics Circle, at CMAA o Catholic Mass Media Awards. Iba-iba ang pagpapahalaga sa mga artista, teknisyen ng industriya, at ng publiko ng mga award na ito, batay sa ipinakitang oryentasyon, integridad, at kredibilidad ng mga miyembro ng grupong nagbibigay ng award sa pagdaan ng mahabang panahon. Ito'y dahil, tulad ng iba pang mga paligsahan, may mga nagbibigay ng award na ang pagpili ay nakukulayan ng

mga konsiderasyon na walang kinalaman sa kasinangan ng pelikulang kinikilatis.

Sa puntong ito, maitatanong marahil kung ano ang dahilan kung bakit ang ilang pelikula ay nagiging patok sa takilya at ang iba ay hindi at bakit ang mga nananalo ng mga prestihiyong award, madalas ay hindi naman nagiging *blockbuster*. Ang sagot sa mga tanong na ito ay may kinalaman sa dalawang uri ng pelikula sa bansa at ang mga tagapanood ng dalawang pelikulang ito. Pelikulang komersiyal ang karaniwang nagiging patok sa takilya sa maraming dahilan: superstar ang bida, popular na ang istorya ng pelikula sa ibang midya bago pa man ito ginawang pelikula, mahusay ang pagkakagamit sa genre na tanggap na tanggap na ng manonood, tama ang *timing* ng pagpapalabas (Kapaskohan o panahon na walang malakas na kalaban, tulad ng mga *superproduction* ng Hollywood), epektibo ang promosyon ng pelikula sa iba't ibang midya, lalo na kung may kakabit itong kontrobersiya (totoo man o gawa-gawa lamang ng bayarang promotor ng pelikula). Sa katagang sabi, ang sekreto ng *box office* ay nasa estetika ng palabas, na ang diin ay sa nakabibighani, nakaaaliw, nakapagpapalimot sa mga problema sa buhay, lalo na ng mga taong kumai't dili.

Bakit ang mga nananalo ng mga award dito at sa ibang bansa ay karaniwang hindi naman nagiging box-office sensation? Ito'y dahil ang tumatangkilik sa mga pelikulang masining ay yaon lamang maliit na porsiyento ng manonood mula sa gitna at nakatataas na uri na film literate o may pagkaunawa sa sining ng pelikula. Maaaring nagkaroon sila ng *film literacy course* sa mga kurso ng *mass communication* sa paaralan o sa mga seminar ng Cultural Center of the Philippines at ibang institusyong pangkultura. Sa pagiging film literate, nasasakyan nila ang estetikang paloob na nabanggit na, na mauunawaan lamang kung ang manonood ay marunong makinig, magmatyag, magnilay,

at magsuri sa bagong kaisipang inilalahad ng pelikula at sa sarili at masining na paraang ginamit para ipahayag ang kaisipang ito, partikular, sa bihasang orkestrasyon ng sensitibong pagganap, maingat at tamang disenyong pamproduksiyon, malikhaing paggamit ng kamera, intelihenteng editing, at makahulugang paggamit ng tunog at orihinal na musika.

Sa talakayang ito, lumalabas na may dalawang uri ng dating ang pelikulang Filipino batay sa kung anong pelikula ito at sino ang manonood nito. Sa pangkalahatan, pelikulang komersiyal lamang ang nagkahahatak ng libo-libong manonood na lumaki sa estetikang palabas. Sa kabilang banda, maliit pa, ngunit unti-unti nang lumalaki, ang porsiyento ng mga manonood na nakasasakay sa estetikang paloob ng mga art film, alternatibong pelikula, at indie film.

Pero huwag isipin na ganap ang pagkakaiba at walang anumang kinalaman ang dalawang uri ng pelikula sa isa't isa, pagkat may mga pelikulang "namamangka sa dalawang ilog," sa magandang pakahulugan nito. May mga respetadong direktor na nakauunawa ng pelikula bilang sining, na gumagamit sa mga popular na genre ng pelikulang komersiyal para ipahayag ang mga seryosong kaisipang may kinalaman sa pagkatao at lipunang Filipino. Halimbawa, sa *Tuhog* ni Jeffrey Jeturian, ginamit ang mismong anyo at kumbensiyon ng genre ng bomba (e.g., pagpapakita ng katawan ng babae at lalaki na walang saplot, pagtatalik at pagtatalik pa rin, panggagahasa, paninilip, *masturbation*) para isiwalat ang ginagawang eksploytasyon sa kababaihan ng pelikulang bomba. Ito'y tungkol sa isang mag-ina na ginawang seks objek ng isang lalaki — ang ama mismo ng ina, na lolo rin ng dalaga. Nang pagpiyestahan ang istoryang ito sa diyaryo, naisip ng isang prodyuser na bilhin ang istorya sa mag-ina, para umano maisiwalat ang kasamaang ginawa ng ama/lolo sa publiko nang di na pamarisan pa. Pumayag ang mag-ina. Ngunit nang mapanood nila ang pelikula, lumabas na silang mag-ina ang uhaw sa seks kaya sila

ginahasa ng ama/lolo. Ang pakiramdam ng mag-ina ay dalawang beses silang ginahasa, sa tunay na buhay at sa pelikula. Sa syuting, iniwasan ni Jeturian na itutok at ibabad ang mata ng kamera sa katawan ng babae, tulad ng ginagawa ng pelikulang bomba, para maiwasang tingnan ng manonood ang babae bilang seks objek. Pumatok ang bomba sa takilya at naiparating din marahil ng pelikula sa manonood na malaking kasalanan sa kababaihan ang ginagawa ng pelikulang bomba na kinagigiliwan nila.

Ang genre ng aksiyon film ay ginamit ni Erik Matti para isiwalat ang mga krimeng ginagawa ng mga nasa poder. Sa *On the Job*, ipinakita kung paano binabayaran ng mga kongresman ang mga batikang mamamatay-taong nasa bilangguan para burahin ang kanilang mga kaaway sa politika at ilegal na negosyo. Sa pamamahala ng hepe ng kulungan at mga alipores niya, pinalalabas sa gabi ang mga kombik para gawin ang iniutos sa kanila. Pagkatapos ng trabaho, babayaran sila at ibabalik sa kulungan bago mag-umaga. Kinabukasan, parang walang nangyaring masama na dapat ikabahala. Sa *Buy Bust*, matapang na ipinaksa ni Matti ang *drug war* ni Duterte at ang penomenon ng EJK. Isang idealistikong pulis ang nakasama sa operasyon para sukulin at hulihin/patayin ang kilalang *druglord* na pinoprotektahan ng kaniyang mga kapitbahay at kabarangay na nakikinabang sa operasyon ng droga. Sasalakayin ng mga operatiba ang pugad ng druglord, makakaharap nila ang mga tagabaranggay na kabig ng druglord, matatalo at malalampasan ng mga pulis ang mga tagabaranggay, at masusukol sa kaniyang pugad ang druglord. Sa harap ng mga pulis, sasabihin ng druglord na patayin man siya ay magpapatuloy ang *drug operation*, kasi hindi mabubuwag ang sistema ng kalakalan sa bawal na gamot dahil sangkot dito ang mga opisyal ng gobyerno mula pulis hanggang nasa itaas. Tinangkilik ng publiko, film literate man o hindi, ang pelikula at naihatid ni Matti sa manonood ang katotohanang nilalambongan ng kasinungalingan ng may kapangyarihan.

Ang Pelikula sa Pananaw ng Kamalayang Pilipino na Maka-TAO

Maaaring magkaroon ng pelikula na mahusay ang pagtataghi-taghi ng mga elemento ng sining at maganda o malakas ang dating sa publikong manonood, pero may mga inihahatid na kaisipang hindi katanggap-tanggap sa pananaw ng Kamalayang Pilipino na maka-TAO. Sa dulong na ito, ang tanong na sinasagot ay: nakatutulong ba o nakasasagabal ang pelikula sa pagkakamit ng Filipino ng kaganapan ng kaniyang pagkatao sa antas na pisikal, intelektuwal, espirituwal, sikolohikal, politikal, pangkabuhayan, at kultural? Sa partikular, nalipag-sasalangalang, naitataguyod, at napalalakas ba ng pelikula ang mga batayang karapatang pantao na mabuhay nang matiwasay sa isang bansang may sariling ekonomiya, pamahalaan, at kultura, na maipagtanggol at mapaunlad ang bawat etnisidad, na isakatuparan ang pagkakapantay-pantay ng lahat ng kasarian at gender sa lahat ng larangan ng buhay sa lipunan, na madebelop ng bawat Filipino ang kaniyang mga talento sa pamamagitan ng edukasyon, na makilahok sa pamamalakad ng gobyerno at magpahayag ng kanilang mga ideya nang malaya at di sinasagkaan, na pumili ng kaibigan o kasama sa buhay anuman ang kaniyang gender, na idebelop ang kaniyang espirtuwalidad sa tulong ng relihiyon kung ang relihiyong iyon ay hindi mapang-api sa kapwa. (Tiongson 2022)

Sa kabutihang-palad, marami na rin tayong mga pelikulang orihinal, masining, at may integridad mula sa iba-ibang panahon, lugar, prodyuser at direktor na masasabing mabigat ang timbang sa perspektiba ng Kamalayang Pilipino na maka-TAO, bagaman hindi rin naman masasabing perpekto ang mga ito sa lahat ng aspekto. Talakayin natin ang ilan sa mga pelikulang malinaw ang mga karapatang ipinaglalaban, tahasan man o hindi.

Ang *Sister Stella L.*, 1984, ang kauna-unahang pelikulang nagsilwalat ng pagsasamantalang ginagawa ng kapitalista sa mga manggagawa at pag-salvage sa mga lider manggagawa na may integridad, ng konsiyentisasyon ng mga taong-simbahan, at ng pagsensor sa mga pahayagan sa panahon ng batas militar ni Marcos. Pagkatapos ng higit na isang dekada ng panggagaga sa taumbayan, at pagkatapos patayin si Ninoy Aquino sa tarmac ng MIA, inorganisa ng mga progresibong artista ang Concerned Artists of the Philippines (CAP) noong 1983 nang lumaganap na ang protesta laban kay Marcos sa hanay ng mga gitna at nakatatasa na uri. Kasapi nito ang manunulat na si Pete Lacaba, direktor na Mike de Leon, at ibang artista na lumabas sa pelikula. Hindi matatawaran ang naging ambag ng pelikula sa pagmumulat at pagkumbinse sa manonood na magbalikwas laban sa diktadura na

pangunahing lumalabag sa mga karapatang pantao ng mga mamamayan, kasama na ang karapatan na magpahayag ng pagtutol sa isang pamahalaang walang pakundangang pumapatay sa sinumang hindi nito masawata.

Mabigat din ang timbang ng *Bata, Bata, Paano Ka Ginawa?* sa Kamalayang Pilipino na maka-TAO dahil sa tahasang pagbusbos nito sa mga paniniwalang patriyarkal na kinokondena ang mga babaeng sumasalungat sa tradisyonal na konsepto ng "mabuting" asawa at ina. Ito na marahil ang isa sa pinakaunang pelikula na ang bida ay isang babaeng may dalawang anak na pinalalaki, isa sa asawang hiniwalayan niya dahil pinipilit siyang maging maybahay na lamang, at ang pangalawa sa kinakasama na iniwan din siya dahil mababa ang tingin sa kaniya ng ina nito. Nagtatrabaho si Lea sa isang *women's crisis center*, kung saan humihingi ng tulong araw-araw ang mga babaeng biktima ng pambubugbog ng asawang macho, o iniwan na lamang ng asawa para sa ibang babae, o kumakayod nang mag-isa para buhayin ang mga anak at asawang batugan. Di tulad ng maraming drama na lagi na lang nagiging "mabuti" (i.e., masunuring) na asawa o anak o kapatid ang bidang babae sa pagwawakas ng pelikula, ang itinatampok at pinapanigan ng pelikula ay ang babaeng abandonada at "imoral" ngunit tunay na nagmamahal at nagmamalasakit para sa kaniyang dalawang anak mga kapwa babaeng biktima ng karahasan. Ang pelikula ang isa na marahil sa pinakaradikal na pagtatampok sa isang malayo-sa-ideyal na babae bilang bidang dapat hangaan.

Tulad ng *Bata, Bata*, radikal din ang pelikulang *Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros* sapagkat ito ang isa sa pinakaunang pelikulang hindi ginawang katatawanan at api-apihan ang bakla at hindi ipinakita ang kabaklaan bilang sakit na dapat gamotin, tulad ng matutunghayan sa mga pelikulang gay na pinasikat ni Dolfy. Sa halip, ang bunsong anak na bakla ay tanggap ng ama at dalawang nakatatandang machong kapatid bilang kapalit ng kanilang asawa/ina na yumao na. Pero hindi nanatili si Maximo bilang baklang kapatid na ang halaga ay ang paninilbihan lamang niya sa pamilya. Ipinakita ng pelikulang kayang panindigan ni Maximo ang pagmamahal niya sa pulis na kaaway ng kaniyang ama at mga kapatid na kawatan, at may lakas din siya ng loob na ipagpatuloy ang kaniyang pag-aaral para makaahon sa kahirapang sumisira sa pagkatao niya at kaniyang pamilya. Malaki ang nagawa ng pelikula para burahin ang mga napakatagal nang mga stigma at prehuwisyo sa kabaklaan at baguhin ang tingin sa bakla para igalang siya bilang taong walang pinag-iba sa ating lahat.

Sa pananaw ng Kamalayang Pilipino na maka-TAO, ang matitimbang na pelikula ay iyong may mga mensahang mapagpalaya at para sa pagkakapantay-pantay ng lahat ng mamamayan, anuman ang kanilang kasarian, relihiyon, edad, lahi, etnisidad, okupasyon, o sektor. Hindi katanggap-tanggap sa kamalayang ito ang mga pelikulang nagtataguyod ng mga pananaw at halagahang elitista, pasista, kolonyal, at patriyarkal.



Nicanor G. Tiongson

The works of Dr. Nicanor Tiongson cut across the entire spectrum of creative and scholarly achievements that reflect his position in both the academic and artistic community.

As a playwright, Tiongson focused on the use of fiction as a vehicle for innovation; his samples of dramatics reflect not only the richness of imagination but an in-depth knowledge of Philippine culture opening possibilities for effective thematic execution for an ever-changing audience.

His scholarly works — ranging from the study of traditional genres in dramatics to in-depth analyses of elements of popular culture, specifically in film, are milestones in the academic field. As serious student of Philippine literature, theater and cinema can gloss over the books written by Tiongson with its in-depth research and scope of knowledge. His analyses go beyond the dictation of history but address the socio-cultural relevance of what a number feel negligible if not ordinary and mundane.

As one of the founding members of the Manunong ng Pelikulang Pilipino as well as a tireless advocate of Philippine cultural research embodied by his books and masterful engagements in the classroom as an academician, Tiongson was awarded the Gawad ng Pananaliksik ng Pelikulang Pilipino by the Film Development Council of the Philippines for 2024. His contributions have — beyond question — helped shape our understanding of Philippine literature, theater and cinema as how they are understood for their significance today.

"Being at Kamalayang Pilipino na Mula 'an" edited by University of the Philippines (UP) Professor Emeritus Dr. Nicanor G. Tiongson and published under PUP Research Institute for Culture and Language — Center for Philippine Studies (MCL-CPIS) where his article "Pano Nga Sa Magkaka ng Pelikula" came from was a finalist for the 41st National Book Awards.

KONGKLUSYON

Sa pagwawakas, nais ko lamang ipahayag ang pangangailangan sa ating panahon ng mga kritiko ng pelikula na 1) nakauunawa ng lengguwahe o wika ng pelikula, 2) may kaalaman sa kasaysayan ng Filipinas at ng pelikulang Filipino, 3) may pagkaunawa na ang pelikula ay hinuhubog ng lipunan (*social artifact*) at maaari ring maging tagapagbago ng lipunan (*social catalyst*), at 4) sumusulat sa isang paraang malay, mapanuri, at malinaw para maabot ang karaniwang manonood at mahimok itong tangkilikin ang mga pelikulang may pananaw at mensaheng mapagpalaya.

MGA SANGGUNIAN

Del Mundo, Clodualdo, Jr. (ed.) 2018. *Direk: Essays on Filipino Filmmakers*. Manila: De La Salle Publishing House

Guerrero, Rafael Ma. (ed.) *Readings in Philippine Cinema*. Quezon City: Experimental Cinema of the Philippines.

Hernando, Mario (ed.) 1993. *Lino Brocka: The Artist and His Times*. Manila: Cultural Center of the Philippines.

Lumbera, Bienvenido L. 2017. "Philippine Film." *Cultural Center of the Philippines Encyclopedia of Philippine Art*. (6: Film). Nicanor G. Tiongson (punong editor). Manila: Cultural Center of the Philippines. 2-15

Rapatan, Miguel Q. 2017. "Regional Cinema 1938-2014." *Cultural Center of the Philippines Encyclopedia of Philippine Art*. (6: Film). Nicanor G. Tiongson (punong editor). Manila: Cultural Center of the Philippines. 82-91

Reyes, Emmanuel A. 1989. *Notes on Philippine Cinema*. Manila: De La Salle University Press.

Tiongson, Nicanor G. 2018. "A Short History of the Philippine Film: Asserting Philippine Realities Against All Odds." *Agung*. (21) 3. (Hulyo-Setyembre 2018). 1-13

Kung Bakit Pinapanood Ko (pa rin) ang mga Pelikula ni Sharon Cuneta

(at nina Judy Ann Santos at Iza Calzado)

JDI BARRIOS-LEBLANC

Halos apatnapung (40) taon na ang nakararaan, naglathala ako ng fan essay sa *Kultura* magazine ng Cultural Center of the Philippines. Sa sanaysay na iyon, tinalakay ko ang ilan sa teen-age films ni Sharon at sinubukang suriin kung ano ang posibleng nagugustuhan ng mga manonood sa kaniyang mga pelikula. Na-republish ang sanaysay na ito sa textbook, at dahil dito, mas marami ang nakabasa. Maraming beses kong sinubukang magsulat ng iba pang fan essays, pero naging abala sa pananaliksik tungkol sa teatro, naglathala ng koleksiyon ng mga tula, at nag-explore din ng romance novels. Sa madaling salita, nalimot na sa baul ang gusto ko sana noong palawakin pa — ang pag-aaral kung ano ang hikayat ng artista at sine sa manonood.

Fast forward. Hindi na ako sa sinehan nanonood ng pelikulang Filipino ngayon. Hinahanap ko na lang ang mga ito sa TFC, Prime Video, at Netflix. Samakatwid, dito sa ibang bansa, home viewing na ang panonood ng pelikulang Filipino. Limang artistang babae ang kinatutuwaan kong panoorin ngayon. Siyempre, si Sharon pa rin, pero kasabay niya sina Judy Ann Santos, Iza Calzado, Angel Locsin, at Kathryn Bernardo. Sa sanaysay na ito, ang unang tatlo ang pagtutuunan ko ng pansin.

Si Sharon sa Family of Two

Kusina at garden na ang espasyo ni Sharon Cuneta bilang Maricar sa pelikulang *Family of Two* (Cineko Productions, 2023, isinulat ni Mel Mendoza del Rosario, idinirehe Nuel Crisostomo Naval). Bilang biyuda, umilikot na ang buhay ni Sharon sa pagpapakain ng anak (breakfast, baon, hapunan, at complete meal siyempre, na may kasama pang dessert) at paglilipat-lipat ng halaman sa garden.

Bakit nga ba nakapagpapalibang or nagdudulot ng "pleasure" ang panonood ng pelikulang ito? Una, para sa manonood na halos kasing-edad ni Sharon, katuwa-tuwa na kung paanong nagbago ang mga karanasan, problema, at hangarin nila sa buhay, ganoon din ang sa bida. Kung dati umikot ang mundo ng tinedyer na si Sharon sa unang pag-ibig, ngayon naman ang hinaharap ni Maricar ay relasyon sa anak, pagsubok sa paggamit ng internet para may maka-date (at posibleng bagong karelasyon), pag-aaral ng pagmamaneho, at pagkamit ng natitirang pangarap (pagtatapos ng kolehiyo) — mga bagay na posibleng kinakaharap din ng manonood.

Ikalawa, dahil meron nang feministang direksiyon ang pelikula sa pagpapasya ni Sharon na alamin kung ano ang tunay na makapagpapasaya sa kaniya — at ito na nga ang makapagtapos ng kolehiyo. Mahalaga ito, dahil nitong nakaraang mga dekada, marami na ring kababaihang manonood ang unti-unting mas nakauunawa ng mga usaping mahalaga sa kababaihan.

Ikatlo, dahil may iba pang elemento ng pelikula na may familiarity at predictability. Halimbawa, katuwa-tuwa na ang kaibigang kapitbahay ay si Jackie Lou Blanco, na alam ng marami na kaibigan ni Sharon sa totoong buhay. O kaya ang posibleng ka-love team na si Tonton Gutierrez na kasabayan din ni Sharon noong araw.

Kaugnay ng ikatlo ang ikaapat. Dahil nga Sharon Cuneta film ito, alam mo nang ang sentral na tauhan ay mabuting tao — hindi kontrabida, ni hindi bida-kontrabida. Sa madaling salita, likable character. Iyon bang puwede kang mag-cheer leader at umasang sa pagtatapos ng pelikula, masaya ang ending, masaya ka rin sa panonood, everybody happy.



Si Judy Ann Santos at sa Ang Dalawang Mrs. Reyes

Ang ganito ring predictability, lalo na ang kaniyang kahusayan sa pagganap, ang nakapagpapahanga sa akin kay Judy Ann Santos. Sa pelikulang *Ang Dalawang Mrs. Reyes* (ABS-CBN Film Productions, Quantum Films, The IdeaFirst Company, 2018, isinulat nina Jun Robles Lana at Elmer Gatchalian, idinirehe ni Jun Lana), litaw na litaw na kung gaano kahusay si Judy Ann sa pagpapalyak sa manonood, ganoon din siya kahusay sa pagpapatawa. Nakatulong din na kasama niya sa pagdadala ng pelikula sina Angelica Panganiban (ang isa pang Mrs. Reyes) at Carmi Martin (biyanan naman ni Angelica).

Ngunit muli, babalikan natin ang naunang tanong. Ano ang appeal ni Judy Ann Santos sa manonod? Para dito, kailangan nating balikan ang kaniyang naunang mga teleserye, ang *Mara Clara* (1992) at ang *Esperanza* (1997). Sa mga teleseryeng ito, palaging api si Judy Ann, pero matapang, mabait, at mahusay, kung kaya't nakaigpaw sa mga pagsubok at nanaig sa dulo. At sino nga bang nakaranas ng kaapihan, dahil man sa kapamilyang masama ang ugali, kasarian, katayuan sa buhay, trabaho, karahasan ng estado, o kung anumang, ang hindi rin magnanais na maligpawan ito at magtagumpay sa wakas? Samakatwid, ang pang-akit ni Judy Ann ay ang pagiging sympathetic character ng kaniyang mga papel na nakapupukaw sa ating mga kalooban.

Gayon pa man, ang talagang kamangha-mangha ay ang kakayahan ni Judy Ann na maintindihan natin ang maaaring tawagin bilang "interrogative characters" — na ang ibig sabihin ay mga tauhan na mas komplikado dahil may ginagawa ring nakalinis. Una ko na itong nakita sa teleseryeng *Starla* (2019) kung saan abogado siyang may masasamang plano para sa komunidad. Sa teleseryeng ito, nagawa ni Judy Ann na mas bigyan ng iba't ibang dimensiyon ang karakter upang higit na maunawaan natin ang nagtulak sa mga aksiyon ng abogado.

Maihalalintulad ito sa kainis-inis na mga aksiyong ginawa ni Judy Ann sa *Ang Dalawang Mrs. Reyes* — panghahamak sa mecho dancer, pag-eentrap sa dating asawa, pagsusulat ng bukas na liham sa social media. Sa halip na tunay na kasuklaman natin ang tauhan niya, may bahagi nating naiintindihan din ito.

At dahil tiyak na tiyak kong kung hindi man ako mailiyak sa panonood ng teleserye o pelikula ni Judy Ann, mapatatawa ako, lagi kong ikatutuwang manood sa anumang pelikula niya.





Joi Barrios-Leblanc

Teacher Filmmaker and Philippine Literature at the University of California, Berkeley. She previously served as an associate professor at the University of the Philippines Diliman and taught at the Osaka University of Foreign Studies, UCLA, and UCL. She has won fourteen national literary awards and was among the 100 women chosen as Weavers of History for the Philippine Centennial Celebration for her contributions to literature. In 2004, she also received the TDWG (Ten Outstanding Women in the Nation's Service) Award.

Si Iza Calzado at ang Etiquette for Mistresses

Totoo, alam ko namang hindi lang si Iza ang bidang babae sa *Etiquette for Mistresses* (ABS-CBN Film Productions, 2015, istorya ni Chito Roño, isinulat nina Patrick John Valencia at Kris G. Gazmen, idinirihe ni Chito Roño at batay sa librong *Etiquette for Mistresses* ni Julie Yap Daza). Siyempre, kasama naman niya sa pelikula sina Claudine Barreto, Kris Aquino, Kim Chiu, at Cheena Crab at mahuhusay din naman sila.

Pero bakit ako fan ni Iza? Una, dahil bilang teleserye fan, nahusayan ako sa kaniya sa *Ang Iyo ay sa Akin* (2020) at ikinatuwa ko ang versatility niya bilang Darna noong 2022 (sa totoo lang, nanay ng bidang Darna), na may kahalo pang action. Ikatlo, dahil swak ang ekspresyon sa mukha, quiet ang acting, pero powerful ang presence, lalo na sa horror film na napanood ko rin - ang *Ilawod* (2017).

Partikular na sa pelikulang *Etiquette for Mistresses* ang ikaapat na dahilan. Dahil kapag pinanonood natin si Iza, hindi natin nalisip na siya si Iza. Nag-iiba siya batay sa tauhang ginagampanan. Sa pelikulang ito, halimbawa, kapani-paniwala siya bilang matapang at mahusay na abogado, na pumayag sa mahirap na sitwasyon. At sa pelikula, bagamat mahusay din si Claudine sa kaniyang baliw-baliwan moments, maayos naman si Kim Chiu, at nakatatawa si Cheena, kay Iza ko naramdaman ang sakit at pait ng kababaihang madalas na inilalarawan bilang kontrabida at masamang tao. Naalala ko pa nga si Ate Vi sa pioneering na pelikulang *Relasyon* (1982) ni Ishmael Bernal, na unang tumalakay sa ganitong mga relasyon.

Marahil, nakikita ko kay Iza ang artista na posibleng simboliko ng hangad ko para sa kababaihan sa kasalukuyan. Measuring nagpapaka-Darna dahil sinisikap magampanan nang sabay-sabay ang lahat - trabaho, pagpapamilya, pagkalinga sa kapwa babae. Ngunit kasabay nito, pinoproseso ang mga sandali ng kalungkutan at kasayahan at ng kahinaan at lakas nang walang hysteria o overacting kundi ng katatagan.

Ikinalilibang natin ang pinanonood batay na rin sa kung na-saan rin tayo sa ating mga buhay. Salamat kina Sharon, Judy Ann, at Iza sa kanilang mga karakter na bukal ang loob, matatalino, at may paninindigan. Salamat at may pelikula sa panahon ng kilig, panahon ng pagbangon laban sa pang-aapi, at panahong may kumpiyansa na tayong masa-salag ng mala-Darna bracelet ang anumang ipukol ng buhay.

PATRICK FLORES



REVISITING SISTER STELLA I





In 2023, the Asian Film Archive in Singapore invited me to introduce Mike de Leon's 1984 film *Sister Stella L.* before its screening at the exemplary auteur's retrospective. It was a comprehensive review of his corpus, including all his feature films and early and recent documentaries. It was a great chance for me to revisit my undergraduate Humanities thesis at the University of the Philippines in the nineties on the filmography of De Leon and the motif of power distributed across his oeuvre. The film *Sister Stella L.* stems from this discourse of how power ramifies intricately and pervasively in both the subjectivity and the society. De Leon's full-length debut, *Itim* (1976), an explication of his cinematic poetics and politics, already creates an aesthetic context in which masculine authority intersects with feudal domination, structures that are so overwhelming that it would take the afterlife and the spirit of the aggrieved dead to rectify human history via a subversive séance. The stranglehold of institutions linked up with patriarchal and class ascendancy would be deeply felt in his next film *Kung Mangarap Ka't Magising* (1977) in which an illicit amorous desire is suppressed in the name of the tradition of marriage. From these two films sprang sharper evocations of the authoritarian personality, so to speak, as may be seen in the lascivious autocracy of the Ilocano father in *Kisapmata* (1981), the narcotic imperialism of the Japanese in *Kakabakaba Ka Ba* (1980), and the grisly fascism in *Batch '81* (1982).

It is, however, in *Sister Stella L.* that we sense a consolidation of agency amid the sufficient demonstration of power in the fields of religion and labor. The coming together of religion and labor is significant, particularly in light of the fact that the Philippine Independent Church that emerged during the Philippine-American War at the beginning of the 20th century was founded by Isabelo de los Reyes, who also initiated the first labor union in the Philippines and was a foremost folklorist. Needless to say, the Catholic Church played a vital role in deposing the Marcos government in the eighties, with the iconography of nuns facing tanks prominently etched in the historical imagination of the broad coalition of progressive forces against the dictatorship. The reconsideration of the country's quintessential patriot Jose Rizal in De Leon's *Bayaning Third World* (2000), a heroic figure that is at once political and spiritual, may well follow through this relay in which power condenses in an at once radical and sacral figure from a post-colonial phantasmagoria. The Ka Dencio character in *Sister Stella L.* is simultaneously a labor leader and a martyr; Stella in her stirring address before the union would draw a connection between Ka Dencio and Christ, casting both as militant, and therefore, historical.



If not now, then when?

The film *Sister Stella L.* revolves around the morphing of the political consciousness of a nun named Stella L whose fellows in the congregation are hemmed in an internal debate and crisis, one that requires moral commitments in light of the striking workers in a cooking oil factory, beyond the solitude of the convent that is seemingly nearby. Such debate and crisis are echoed in one of the songs of the film called *Sangandaan*, or *Crossroads*, which might have been the original title of the film. Stella, previously oblivious and perhaps even clueless, finds herself at this crossroad, or intersection or convergence, that would demand from her urgent choices and involvement in the struggles of others. This is a legible layer in the film. Around it are other dimensions, which may not be readily apparent as political. But surely they are critical in honing a nun's awareness and resolve. I am referring to the emotional and psychological restlessness of the unwed mother in Stella L's care and the unresolved erotic and romantic life between Sister Stella L and her former boyfriend, who is a journalist covering the strike and whose freedom of expression is being tested by the Martial Law press.

Sister Stella L. was exhibited in 1984, two years before the uprising that overthrew the Marcos regime of almost 20 years. It starred Vilma Santos, a former child star and at some point in her career typified the mistress or the other woman who is also the modern woman. It was produced by Lily Monteverde of Regal Films, a studio known for popular genre films which began its business

in the sixties, and to some extent was a departure for both the star and the producer. It was released in July 1984, the same day that the film *Bukas Lu-luhod ang mga Tala* was screened. *Sister Stella L.* was clobbered at the box-office by the latter which spoke of a heroine who rose from poverty through her singing talent. The art critic Alice Guillermo remarked in her review that the film is talky, which was needed, according to her, in talky times when Filipinos were absorbed in a ferment, engaged in discourse on the issues of the moment. There is a great deal of theater in the film, too, if I may add, as seen in the robust ensemble of the support cast and in what I would refer to as the Brechtian turn at the end when the filmmaker complicates the cinematic proscenium and introduces a persuasive activist pedagogy: she finally speaks to us directly, a confrontation of moving image and no longer the anonymous revelation in the confessional or the contemplation in the cloister. Such a device may well anticipate the more decisive self-reflexivity in *Aliwan Paradise* (1992) of the Southern Winds (1993) ASEAN anthology in which de Leon lays bare the apparatus of both media and social realism in the depiction of politicized poverty and populist entertainment. That said, Stella in the film undergoes the process of formation, her *bildung*, as it were, in the political culture and the emancipation of the habit, alongside the critique of religious and state institutions. The last frames containing her homily and oration among comrades as well as her report to the public of how the investigation of injustice has



VILMA SANTOS
"SISTER STELLA L."

PELIKULA NIMIKE DE LEÓN

spread all over the country offer a national and popular (because filmic) assemblage in which the totality of the situation is particularized in the experience of a transforming, transformative agonist.

It is tempting to characterize *Sister Stella L.* as a film on awakening; and the final scenes lead us to such an expectation as the nun stands in solidarity with the working class and delivers her own speech on the unerring Christianity inhering in social justice amid state and capitalist violence, which would include the threat on her own body. The alternation between radicalization and traumatization prepares the ground for a reversal and also the elaboration of the fate of the Philippine body politic within the democratic space of the post-Marcos milieu. Here, the returning revolutionary is disillusioned by the oligarchic revival and para-military resurgence with Corazon Aquino at the helm as gleaned in Lino Brocka's *Orapronobis* (1989), which opens with the vigilante execution of a priest in what is likely Mindanao. Such violence reaches the point of saturnalia in our time with the collateral damage of extra-judicial killings dramatized in chilling detail by Brillante Mendoza's *Kinatay* (2009) and *Alpha, the Right to Kill* (2018). De Leon's demystification of the EDSA mythology was, in fact, prominently quoted in Singapore: "The social order hardly changed after the revolt. All we did was get rid of a dictator and his family, and we didn't even do it properly. The Marcoses should have stood trial and been thrown into jail. This didn't happen because the revolt turned into a religious fiesta and was hailed as a peaceful revolution—the ultimate oxymoron." Indeed, the enlightened and progressive religion embodied by the persona of Stella would be negated by the very upheaval it adumbrated. The political theology of liberation would fail in the face of pre-Marcos colonialism.

Finally, the L in the title *Sister Stella L.* pertains to Legaspi to distinguish the main character from her namesake and foil in the convent who is Stella Bautista, the emblematic nun of the streets. That said, L as a hand signal may well stand for *Laban*, or *Fight*, the battle cry which defined the motley opposition to the rule of the ailing Marcos. But, knowing the producer, who was fondly called Mother Lily, it could be something else, perhaps something more liberative, because inevitably libidinal.



Patrick Flores

is Chief Curator of National Gallery Singapore and concurrently Professor of Art Studies at the Department of Art Studies at the University of the Philippines. He is the Director of the Philippine Contemporary Art Network. He was a Visiting Fellow at the National Gallery of Art in Washington, D.C. in 1999. Among his publications are *Painting History: Revisions in Philippine Colonial Art* (1999); *Past Peripheral: Curation in Southeast Asia* (2008); *Art After War: 1945-1969* (2015); and *Raymundo Albano: Texts* (2017). He was a Guest Scholar of the Getty Research Institute in Los Angeles in 2014. He was the Artistic Director of Singapore Biennale 2019 and Curator of the Taiwan Pavilion at the Venice Biennale in 2022.



REVISITING
HIMALA

Q & A WITH PEPE DIOKNO

PEPE DIOKNO



Why did you think of doing a film based on the musical? What unique experience would you want the audience to go through with this new movie?

In 2019, I watched a staging of *Himala*, and it changed my life. It was the most visceral experience I'd ever had in the theater, resonating deeply with me as a Filipino. I was struck by how Sir Ricky transformed the 1982 film, expanding the story from a single-protagonist drama to a multi-character satire.


More than four decades since the original film's premiere, *Himala* still has so much urgency and power. It explores themes of blind faith, greed-fueled politics, and fanaticism—issues as pressing today as they were under the dictatorship of the 1980s. With everything that's happening in the world today, I felt compelled to bring this story back to a wider audience through cinema.

Coming from the classic movie *Himala* by three National Artists (Ishmael Bernal, Ricky Lee and Nora Aunor), how did *Isang Himala* come about?

Isang Himala is based on the classic film *Himala* (1982), which premiered in the 1982 Metro Manila Film Festival, competed at the Berlin Film Festival, and was named Best Film by the CNN Asia Pacific Screen Awards in 2008.

In 2003, *Himala* screenwriter Ricky Lee, along with composer Vincent De Jesus, adapted the film into a musical play, which was first staged at CCP in 2003 (starring Mae Bayot as Elsa). The latest staging was by Sandbox Collective and 9 Works Theatrical in 2018 and 2019, starring Aicelle Santos as Elsa, and this earned multiple Gawad Buhay Awards.

Now, we're bringing *Himala* back to its cinematic origins, re-imagined by Sir Ricky Lee himself and me, featuring the brilliant cast of the latest staging, and a new rock musical arrangement by Vincent de Jesus.





CreaZion Studios UxS KAPITOL FILMS


What were the challenges faced by your team in doing this material which is now part of the 50th edition of the Metro Manila Film Festival?

Of course, adapting a beloved work comes with its own pressures, but Sir Ricky [Lee] himself gave us his blessing and guidance (he is a producer in this project, as well as a scriptwriter) so I'm very grateful. Technically, we decided to record the songs live rather than using lip-sync, to retain the power of all the performances. This required a lot of preparation and coordination from both the cast and crew. We also decided to reimagine Cupang completely and build it on a set, to create a new world that has never been seen before; something in the middle of real and surreal, familiar and unfamiliar. This is the biggest production I've ever done.

Simply put, how different is this version from the musical and from the classic *Himala* film?

I will quote Sir Ricky [Lee]: "I wrote *Himala* in 1982, but the issues addressed by the film—idolatry and fanaticism over a single savior, extreme poverty and inequality, social injustices, false news and distortion of the truth to control the populace — sadly are still relevant issues in the Philippines today. What would be a real miracle is when in future this film would just be a distant memory of how things were then." I hope that viewers will be moved by Elsa's story, entertained by the town, and that the film will cause us to pause, reflect, and change our ways.

MULA SA DIREKTOR NG GOMBURZA
ISANG OBRANG AANTIG SA PUSO NATING LAHAT



AN OFFICIAL ENTRY TO THE 50TH METRO MANILA FILM FESTIVAL

UxS

What are your plans for your movie *Isang Himala*? How will you make sure that more people will get access to, and experience, this new film of yours?

I'm very excited to be part of the 50th MMFF, alongside a really great batch of films. The best way to watch *Himala* is in the theater, and I'm glad that we have that platform. After MMFF, we aim to bring the film to more audiences locally and, hopefully, internationally. I think *Isang Himala* will resonate with anyone who has ever grappled with faith, despair, love, truth, and hope. This is a Filipino story with a universal message.



**Jose Lorenzo
"Pepe" Diokno**

is a film director, producer, and screenwriter. His first feature film, *Engkwentro*, won the Lion of the Future Award and the Orizzonti Prize at the 2009 Venice Film Festival. His latest film, *Gomburza*, was both a critical and commercial success, winning seven awards at the 2023 Metro Manila Film Festival, including Best Director, spending five weeks in cinemas, and debuting at #1 on Netflix. His latest film, the musical *Isang Himala*, will premiere on Dec. 25, 2024 at the 50th Metro Manila Film Festival.

S U B L I M I N A L

FRANK CIMATU

I

In the movies
Twenty-four images
Will parade in just
One second to create
An illusion of motion.
Your eyes will not
Detect this unless
You are a cat
Which is quick
Enough and even
Attacks the TV
Because, like your
Brain, it knows.
Advertising men
Know. They place
One frame of soft
Drinks in the
Middle of a kiss.
You feel thirsty
And buy that
Particular brand
You thought it
Was love longing.
It is not

II

In Jaws 5
Frames were cut out
Of every print where
The shark attacked
Robert Shaw. There are
250 prints piled up
In a warehouse
As it had been
Shown over the world.
The censor says, "Go
Into the vaults
And cut five frames
From every single
Print. That means
You are cutting one-
Fifth of a second.
There is nobody
Other than a trained
Film editor, who
Would know whether
The one-fifth
Of a second
Was in
Or out."

(from Index on Censorship 3/91)

III

In a day,
If you earned
An Hour's worth
Of happy times. You
Considered that
Day happy. The
First Lady says:
Let the children
Watch cartoons.
Let the adults
Watch escapist
Movies. Let them
Spend a year's
Time watching
The true, the good
And the beatific.
I will build a film
Palace. Decades
From now people
Will wake up
From a generation
Of nightmares
And say they had
A beautiful dream.

IV

In the Manila
Film Center, I
Watched an art
Film. Tired of
Subtitles, my
Eyes wandered at
the walls. Suddenly
Limbs and torsos
Were reaching out
On the walls then
Miraculously smoothed
Out like magic
Slate. I blinked.
The screen moaned
In ecstasy. I walked
Out. On the baywalk
I saw a girl offering
Her breast to an old
Man. A smashed cat.
Children sniffing glue.
My eyes said: "You
Saw nothing. You
Are thirsty. Relax
See a movie."

HOWL, O ANG KUWAGONG CAPAMPANGAN*

Kay Ada, para maintindihan mo kung bakit kami ganito

I saw the best minds ng ating henerasyon, nawasak ng kabaliwan, hubad at dayukdok
 Tayong naghahanap sa Abenida of broken dreams, the oldest street of Colon,
 Ang Bangkerohan, Calle Unreal, ang Session Road na binalot ng fog, hinahanap
 Ang amats na wala nang babalikan, ang trip na wala nang balikbalik
 Nagsimula tayo sa trip na ito na mga heir-pretenders of the Asian miracle
 Pinagtatawanan ang mga kapitbahay wearing our Bantex and Bata shoes
 Knowing our shiny future would be illuminating all the motionless world of Time between
 And then, para tayong iniwan sa time warp, iniwan with our KBT-shirts and donning
 our farmer hats,
 Barong at tapis with handkerchiefs and little bilaos by the side of the airport tarmac
 Sa gitna ng unforgiving na araw hanggang sabihan ng ating mga guro na postponed
 Ang trip ni Madam learning only when we're in college na pinabalik niya pala ang Boeing jet
 Sa New York kasi may nakalimutan siyang bilhin sa Bloomingdales na mga couple of earrings
 And so for half a century we're in that suspended political tundra called the developing nation
 Nagpapakasasa sa Student Canteen viewed with that plastic filter to create the illusion of color
 Na ang pula ay laging nasa taas kasi nga sky, ang red sa gitna at ang green for the consistent grass
 And so we saw the best minds of our generation colorized by Hanna Barbera at Ron Ely
 Hinehele ni Armida, Carmen Pateña at ni Nora sa Makulay na Daigdig niya kahit black and
 white lang naman
 And then inatake tayo na parang Pearl Harbor ng mga naghihiganteng robots kasabay ng
 Nailclippers na galing din Japan
 At noon pa man we were caught with the solitary undertaking ng Daimos at Mazinga
 Laban sa choreographed unity for victory ng Balatack, Voltes V, Star Rangers at Apat na Sikat
 At nang nacoconfuse na tayo sa growing political unrest sa TV at sa drama ng Boazanion Empire
 Ay biglang pinutol ng Presidente ang ating Friday obsession dahil daw sa obsessive violence nito
 At all the while sinamahan natin ang ating itay sa paghahanap ng kuweba at paghuhukay
 Ng bunker at pagimbak ng mga galon ng tubig dahil mahuhulog na ang lumalagablab na Skylab
 At nang lumalapit na ang Great Foreboding ay nagpakita uli ang Presidente para sabihin na
 Hindi pa ito ang end of the world at nanalo si Melanie Marquez na Miss International
 noong Nobyembre
 At napunta tayo sa bagong dekada na binisita ng Santo Papa at ang Batas Militar ay binuwag
 nang ganoon na lang

At si Ninoy ay pinaslang kung saan tayo nagsong-and-dance noon sa paghihintay kay Madam
 At umulan ng dilaw parang noong inilibing si Arcadio Buendia na nahulog ang mga dilaw
 na bulaklak
 At kinulayan ang buong lupain na parang niyebe at kailangang palain ang mga ito
 para makadaan si Ninoy
 And I saw the best minds of my generation going to Liwasang Bonifacio after and some of
 them stopped coming home
 And some of us took to the streets nang hindi na natin nakayanan and thought we have
 demolished the Potemkin government
 And the last we saw of him alive in the country was him singing Dahil sa Iyo with Imelda at the
 balcony window of Malacañang
 And later Anthony Castelo sang Balatkayo to the crying crowd, O kay sakit naman nasayang
 lang ang pag-ibig ko
 And then someone brought up with one hand the smiling Wengweng like the Sto. Niño
 rocking like a pendulum to save us
 And then he left us, Our Father, to be on our own in a helicopter like the end of Jesus Christ
 Superstar
 And as we're left preparing our family we joined our objects of our libog purgatoried by their
 torcos night after night
 Nakisabay tayo sa kilokilometrong prusisyon ng libing ni Thelma Cabras Maloloy-on sa Cebu
 aka Claudia Zobel na bangag nang isalpak ang kotse sa flyovers
 Nakipagsiksikan tayo sa takilya para sa "Shame" at "Sinner or Saint" pero di natin siya nakilala
 Sa huli niyang sine bilang martir na pokpok na si Dhalie sa "Kapit sa Patalim"
 Ilan sa atin nang yumaman ay sumama sa Vatican tour dala ang placards nilang
 "Beatify Julie Vega!"
 At di nila naalala na noong inexhume si Claudia Zobel after so many years ay buo pa rin ang
 Ingenue countenance niya
 Ginamit natin ang suicide note ni Delia Dueñas Smith aka Pepsi Paloma bilang password
 Ngunit hindi ang cognizance niya, matapos siyang reypin as a punchline, na naninirahan
 Na nga tayo sa mga baliw na planeta at "ngayon di pa rin alam kung bakit tayo nandito
 Puwede bang itigil muna ang pag-ikot ng mundo?" Nang pinaslang ang bugaw niyang si
 Doc Rey de la Cruz
 Hindi natin nirecognize ito na arc of redemption, Si Stella Strada akala makakababa sa orbit
 Tumigil sa pagiging bold star pero ayaw takasan ng nakaraan, hinihiwa ang kamay sa bawat
 audition na hinihindian
 Nagborn-again pero ayaw lubayan ng mga demonyo, kaya sa huli nagpakamatay kasama
 Ang kaniyang confidente cum beautician para maganda pa rin daw siya sa sandaang taon

*Unang gantimpala, Santelmo Pambasang Hamon sa Pagtula 2024

NOTES FOR A SHORT MTV ON JOSE "PEMPE" PADILLA JR., FORMER MATINEE IDOL

"I always wanted to make a movie on Jose Padilla Jr."

Lino Brocka

Play ragtime as the credits roll
Slowed and accompanied by a church choir
Filmed behind the altar. Zoom in on that boy
On the front pew throwing the petals

Back to the flower girl, then the altar boy
Drinking the mass wine during the homily. Close up
On the bridegroom, fumbling with his words.
Kisses at the start always foretell tragedy.

His chest is bared now, glistened with oil
Then slowly pan down to his left leg clutched
By his wife or her double. She is washing
His foot with her tears. His face tightened

With rage. He yells out chiseled words.
Dub that with The Mystery Singer serenade.
Soprano blends as he drags her with his foot.
As he raises his hand, his trousers fall like Chaplin.

Cymbals as we switch to another scene.
A boxing match and with the arm's same motion,
He punches out the Japanese champion.
The anthem jazzed up as the belt was put on.

A role reversal done with shadows:
Hogtied and kicked by a Japanese soldier.
Crescendo as the flag is being raised
Juxtaposed with the pinning of the medals.

Insert favorite falling-out fillers
Superimposed with a large daily calendar
With dates rapidly blown off. Stop at 1976.
Any Manila street emptied except for him.

Older now but he seems happy.
Emote disbelief from the crowd watching
Which spilled out, moving jerkily in silent
Film fashion as he moved on in his speed

As he enters a second-run movie house
Which is showing one of his films.
As the movie ends, he rises blocking the light
The closing credits reflected on his back.



Frank Cimatú

is based in Baguio City and
writes for Rappler, among
other media.

marilou
diaz
abaya

1 PLUS 1 EQUALS 3

ricky
lee

Double Talk
Memoirs

Ilang linggo bago siya namatay sa breast cancer noong 8 Oktubre 2012, mula Enero hanggang Setyembre ay gumawa sina Marilou Diaz Abaya at Ricardo "Ricky" Lee, parehong National Artist for Film and Broadcast Arts, ng series of taped conversations. Balak sana nila itong ilabas bilang some sort of a double-talk memoirs, na pamamagatang 1 plus 1 equals 3.

Nilalaman ng excerpts sa ibaba ang talakayan nila tungkol sa tatlong pelikula nilang premiyado sa Metro Manila Film Festival (MMFF): *Brutal* (1981), *Moral* (1982), at *Karnal* (1984).

(Upang maging mas malinaw, bahagyang inayos ang ilang bahagi ng pag-uusap)



MARILOU DIAZ ABAYA (MDA): Several things were floating in my mind, mainly about my condition, na nag-improve nang nag-improve sa halip na mag-degenerate, which was medically expected. I was ready with the progress of my cancer, which started in the breast and is now Stage 4, meaning I'm terminal. So, matagal ko nang inisip din 'yung... anong iiwan ko? I've been teaching for so long, so is there anything else that I can leave, not only for my family, but for my students and for the Philippine audiences? Hindi ko din inaasahang magha-Happy New Year pa ako. This year, akala nila wala na ako by now. But it's 2012, and so, Happy New Year! Ah, that's three decades of journeying with Ricky as a storyteller!

MARILOU DIAZ-ABAYA (MDA): We were the dark horse because we had no big star. Truly, it was an independent film because Jesse Ejercito was sourcing funds, not only from Bancom but also from individual investors.

RICKY LEE (RL): At ang structure natin, not mainstream, not conventional, not the classical way. Ang subject natin, feminist na, at the time when...

MDA: Action films 'yung dominant. Sa MMFF, e anim na pelikula lang ang puwedeng sumali noon. So, taken for granted na ang *Panday* ang Number 1, which it was on the first day. They did not expect na, 'yung *Brutal*, by word-of-mouth, tumaas nang tumaas 'yung box-office niya hanggang nalampasan niya 'yung *Panday*. We became Number 1. Lalo na noong pagkatapos ng awards night. December 25, showing tayo, Number 7 tayo. Then naging Number 5 tayo. Then, naging Number 4. By the time lumabas lahat ng awards, almost all of which we garnered, wala na, Number 1 na tayo by December 28, 29, 30. Everybody was surprised and at the time bumilib lalo kay Jesse.

RL: I think part ng reason kaya siya nag-click sa masa was the transgression. Parang sanay na sila na nakakapanood ng nakakahon. Suddenly mayroong hindi nakakahon, ang formula niya instead ay 1+1=3. Ang dami niyang areas na pinuntahan hindi usually napupuntahan. I mean, modesty aside, sa trabaho natin.

MDA: Modesty aside, yes. Why? The whole country was in the kahon. Martial Law pa tayo no'n, Ricky. It was very dangerous to make films, so, you know, remember what happened? December 24, parade... parada. Ayaw tayong bigyan ng permit ng... hindi pa MTRCB ang tawag doon e, basta 'yung censors, mostly militar...

RL: Board of Censors yata 'yon...

MDA: Board of Censors ang tawag noon. Military. So, biglang dumating si Armida Siguion-Reyna (Line Producer) sa bahay ko. Hoy, magbihis ka. Pupunta tayo sa militar! Ha? sabi kong gano'n. Magbihis ka, we're in trouble. Ayaw tayong bigyan ng permit. Kasi daw, drugs. Hindi dahil sa violence, kundi dahil sa drugs, okay? So, mabilis akong nagbihis. Pumunta kami sa Camp Aguinaldo. Ang daming military... nakaupo lang kaming dalawa. Pero from the moment that we entered that room, Armida was in charge. Sa totoo lang, e pinapadepensa sa akin kung bakit kailangan...

RL: 'Yung drugs.

MDA: 'Yung drugs. E, ang dami nilang cuts na gustong gawin. So i had to defend it, material-wise, na may redemption sa huli, that there was no intention to...

RL: Glorify the use of drugs.

Sa kasalukuyan ay umaabot pa lamang sa halos tatlong-dean (300) ang kasapiang ng Aktor. Marami na ang nagsabi na gusto nilang sumali pero sa mabusisi ang recruitment program. Ang sabi ng mga kritiko nito, elitista daw ang Aktor dahil ang mga kasapi ay 'yung malalaking artista. Ang totoo, ilan lang sila dahil ilan lang nga ba talaga ang malalaking artista sa Filipinas. Kalakhang bahagi ng kasapiang ay 'yung support at character actors.

Walang pinagkukuhaan ng pondo ang samahan maliban sa membership fees at mga donasyon. Pero mataas ang pangarap nito. Sa maikling panahon mula nang mabuo, kinilala na ang Aktor, League of Filipino Actors, bilang puwersa sa industriya.

Siguro ay dahil alam ng samahan na higit pa sa isang *cog in the machine* ang papel ng isang aktor sa makinarya ng pelikula. Dahil ang isang aktor ay isang mamamayan na bitbit ang kaniyang kasiningan upang mag-ambag sa pagbubuo ng makataong lipunan.



Joel Saracho

Manggagawang Pangkultura at aktibista, naging News Director ng ABS-CBN News Channel (ANC) si Joel Saracho. Dalawampung limang (25) taon siyang naging journalist, bago naging ganap na artista sa tanghayan, telebisyon, at pelikula. Kasama siya sa mga nagtatag ng Aktor at sa kasalukuyan ay kasapi ng executive committee nito.

A MOWELFUND AT 50: BRINGING HOME THE GOLD FOR FILM WORKERS

The story goes that in the early seventies, the three acknowledged "Kings of Philippine Movies"—Fernando Poe, Jr. (FPJ), Joseph Estrada (Erap) and Dolphy (Pidol), went into a huddle to discuss how they could further help the film industry, particularly, its workers.

It was common knowledge that the trio were not only at the top of the heap—box-office and awards-wise—as actors, producers and filmdom's movers and shakers; their generosity, specially to the industry's rank and file, endearingly referred to as "*mga alipores*," was "legend."

BOOTS ANSON ROA-RODRIGO



First board


"KBL" (Kilusan ng Bagong Lipunan) was not only known at the time as Ferdinand Marcos, Sr.'s political party, it was also an acronym for "Kasal, Binyag, Libing (weddings, baptisms and funerals)." For the empowered and the enabled in politics, business and the movies (read: "moneyed"), KBL were social milestones that begged for their generosity.

For on- and off-camera heroes, FPJ, Erap and Pido, KBL constituted the breadth, depth and scope of their bounty. The contemporary term, "*bukas-palad* (open-handed)" was used early on to describe their magnanimity towards the marginalized in the industry. They consistently, and quietly, went the extra mile to mitigate the plight of the underpaid, underprivileged and the underemployed film workers.

It was on this significant consultation get-together that former President Joseph "Erap" Estrada, recommended that their charitable work, while it could still be continued on a personal basis, should be, on a larger scale, institutionalized. Thus, the birth of the Movie Workers Welfare Foundation (Mowelfund) in March, 1974.



First Mowelfund logo



Vilma Santos at 1985 free clinic



Mowelfund hospital assistance

With knowledge, experience, wisdom and resources pooled by the triumvirate, producers, legal luminaries and social workers, the Mowelfund Charter and By-laws were drawn and an office was established in Burke Building on Escolta.

Mowelfund's shortlisted pioneers, all "name-droppables," included Marichu Vera- Perez of Sampaguita Pictures, lawyer Manny de Leon of LVN, Cirio Santiago of Premiere Productions, Atty. Espiridion Laxa of Tagalog- Ilang-Ilang Productions, Director Eddie Romero, and reigning Philippine Movie Queen, producer and spouse of FPJ, Susan Roces, as well as erstwhile executive director, Rolfie Velasco.

The original mandate of Mowelfund was to provide health and general welfare benefits for the industry workers classified into "above the line" and "below the line" constituents.

"Above the line" comprised the creatives and administrative: Line producers, directors, script-writers, cinematographers, editors and musical directors. "Below the line" referred to associate producers, production assistants, sound and light engineers and technicians, make-up artists, wardrobe and art department heads.

Mowelfund was founded by Erap as a private, non-stock, nonprofit foundation headed by a Board of Trustees (BOT) for policy-making. For execution and implementation, the BOT administered an Executive Committee composed of a President, Vice President, Secretary, Treasurer, Executive Director and auditor.

As a Membership Foundation, Mowelfund was opened to film workers aged 25 to 55 years old who were actively working in the industry in a creative, technical or administrative capacity, and certified by their respective film productions. Then and now, film workers were contractual, assigned on a per project basis on a no-work, no pay arrangement. There being no employer-employee relations between them, Mowelfund issued the following annual benefits for members who paid yearly dues of 300 pesos (now increased to 500 pesos, with 400 pesos as renewal fee). The 400 pesos annual fee entitles the member to the following present benefits:

- Continuing medical reimbursements worth 8,000 pesos a year.
- Three hospitalizations a year at 8,000 pesos per hospitalization.
- One surgery a year at 13,000 pesos
- Death benefits amounting to 35, 000 pesos.
- Seasonal medical, social services and cash assistance and distribution of goods on Anniversaries and special events.
- Livelihood training and opportunities
- Low-cost housing provisions — 20 units already dwelled in by members in San Jose Del Monte.
- Cash educational assistance and school equipment for dependents of members

Members reaching the age of 70 and having paid continuously for 20 years are elevated to honorary membership. As such, they are exempt from dues, but continue to enjoy benefits and privileges.

An additional layer of membership has been introduced lately through AKTOR, a partner organization of actors and performing artists in the industry. Its founder and Chairman is leading actor and industry leader, Dingdong Dantes, who is also a Trustee of Mowelfund. AKTOR members pay a higher premium on membership in exchange for enhanced benefits.

The latest initiatives for membership privileges and benefits are geared towards the following:

- Future Exemption of membership fees of 500 pesos for 1,000 members
- Addition of insurance coverage or HMO
- PhilHealth benefits through its Konsulta program



- Partnership with Capitol Medical Center for medical services and clinic facilities
- Construction or acquisition of a clinic/ medical facility

In 1979, Mowelfund's Education Arm, the Mowelfund Film Institute (MFI) was founded to provide subsidized film education for its members, dependents, and the public at large. The MFI is best known for fostering the short and full-length, independent ("indie") film. It has discovered, trained and graduated renowned filmmakers like Surf Reyes, Nick de Ocampo, Lav Diaz, Brillante Mendoza, Raymond Red, Neil Daza, Mark Meily, Paolo Villaluna, Yam Laranas, Larry Manda, Sari Dalena, Rica Arevalo, Ellen Ramos, Ditsi Carolino and Mel Bacani.



1989 Christoph Janetzko Workshop

Presently, the MFI conducts regular, intensive, and masterclass workshops on the various phases of filmmaking like production, direction, editing, cinematography, script-writing, acting and music scoring.

It also sponsors seminars and teach-ins on various film related topics and issues.

It also ties up with animation, archiving, and leading film agencies—foremost of which is the Film Development Council of the Philippines (FDCP)—in conducting film festivals and special events where it fields its experts and graduates.

The MFI houses a State of the Art 54-seat theater named after award-winning and legendary Cinematographer Ricardo "DengCar" Baltazar whose son, Jim Baltazar, sits on the Mowelfund Board and who is now the leading film equipment and production services supplier in and out of the country.

The MFI also offers a vast range of post production services like editing, scoring, color-grading, digitization, DCP conversion, through its DIGI-POST facilities.

Mowelfund's golden anniversary was highlighted by a mammoth medical and dental fair which offered free diagnostics, eye care, free medicines and health products, cash assistance and product give-aways, raffle of appliances and cash prizes and year end reports and inspirational from Mowelfund leaders and celebrity supporters.

Scholarship grants and awards for outstanding services to the industry were also conferred. Said AVP also acknowledged the tremendous work done by MOWELFUND department heads: Emma Mon-Alon, Administration and Finance; Joey Roa - Welfare; Ricky Orellana- Mowelfund Film Institute (MFI).

A Mowelfund commemorative book and anniversary documentary featuring film luminaries and industry leaders are ready for publication and screening.

Flagship projects include the construction of the Mowelfund Film Museum at the Quezon Memorial Convention Center with the support of Quezon City Mayor Joy Belmonte. A Partnership with Capitol Medical Center will highlight assistance for medical facilities and services for our members.

Mowelfund's subsistence is sourced from an annual share of 50% of net of amusement taxes collected by the Metro Manila Film Festival (MMFF) under the auspices of the Metro Manila Development Authority.

Pursuant to a Presidential Decree by Ferdinand Marcos, Sr. in 1974, every December 25 until January 7 would mark the celebration of the Metro Manila Film Festival (MMFF), during which the local government units of Metro Manila would waive their amusement taxes. Further, only Filipino films are to be shown in cinemas for the two-week period.



**Boots Anson
Roa Rodrigo**

is a respected actress
and the Chairman of
the Movie Workers
Welfare Foundation, Inc.
(Mowelfund).



Last year, the MMFF yielded a P10.2 Million annual subsidy for Mowelfund. It was a generous amount which, however, covered only about 70% of total operational costs. The 30% balance was outsourced through donations and projects.

Mowelfund is grateful to the MMFF for its continuing support these past 50 years.

It has become the Foundation's lifeline to sustain benefits for some 4,000 beneficiaries, most of whom are now retired workers. For those who continue to ply their trade, they are beholden to the market demand for films and the patronage of cinema audiences which have begun to dwindle in the face of social media and its myriad platforms like streaming over YouTube and Netflix.


Meanwhile, wherever the film industry finds itself, Mowelfund fulfills its covenant with its members for continuing welfare and film education support.

Through peaks and valleys, Mowelfund, at 50, continues to "bring home the gold" for its marginalized workers, its *raison d'être*; its reason for being.

ALBERT SUNGA



The Greatest Performance of My Life



"Ang aking ina ang nagbigay sa akin ng buhay, pero ang hanging hinihinga ko ngayon ay nanggaling kay Nora Aunor."

Pabirong sinasabi ko, pero posibleng totoo, na since birth, Noranian na ako. Noranian ang nanay ko. Noranian ang tatay ko. Noranian ang komadronang nagpaanak sa nanay ko. Sinalubong ko ang mundong napapaligiran ng mga Noranian. Natural lamang siguro na maging Noranian ako.

Una kong alaala ng pagiging Noranian ay noong 1975, nine years old ako, fiesta sa Cabanatuan City, buong linggong may karnabal, at may nagtatanghal na mga artista at mang-aawit sa exhibit hall araw-araw. Pumasyal kami doon isang gabi — kasama ko si Nanay, si Tatay, at si Lucy, pinsan kong kaedad ko. Nagkataong special guests nang gabing iyon si Nora Aunor at si Christopher de Leon. Hindi namin iyon inaasahan. Fifty pesos ang bayad sa show, malaking halaga noon, kaya atubiling manood ang nanay ko. Pero nagpumilit ako. At dahil spoiled sa father, nasunod ang gusto ko. Late na kami nang makapasok sa venue. Napakaraming tao: noon lang ako nakakita ng ganoon-karaming tao. Karga ng mother ko si Lucy. Pasan naman ako sa balikat ng tatay ko. Nang tawagin si Nora, nag-stampede. May mga nag-akyat sa stage. Napilitan ang organizer na ihinto ang show dahil hindi makontrol ang crowd. Pinaulanan kami ng tubig mula sa fire truck. Nakabati lang sa mga tao sina Nora at Christopher, bago sila inilikas. Bago tumalikod si Nora, tumingin siya sa direksiyon namin. Sa batang isip ko, sa akin siya nakatingin, at tiyak kong siya ang nakita ko.

Pag-uwi namin sa bahay, sabi ko sa kanila, "Puwede na kong mamatay dahil nakita ko na si Nora."

"Magtigil ka nga sa sinasabi mo," sabi ni Nanay. Ayaw nilang nakita ko si Nora.

Di maalis-alis sa isip ko ang pangyayaring iyon. Sabi ko, balang araw, makikilala, mayayakap, at mahahalikan ko si Nora Aunor.

Sa Maynila ako nagkolehiyo, sa UE Recto. Agad akong nakatapos sa kolehiyo kahit hindi pag-aaral ang nasa isip ko nang una akong pumunta sa Maynila. Ang naisip ko: makikita ko na si Nora Aunor. Tatlong bagay ang gusto kong gawin kapag nakita si Nora: pumalakpak kapag kumanta siya, sumigaw kapag kumaway siya, at alayan siya ng bulaklak. Sa maikling salita, maging tipikal na tagahanga. Pupunta ako kung nasaan siya. Susuportahan ko ang mga pelikula niya at iba pang proyekto. Wala na sa isip ko ang pangarap ng aking kabataan. Kahit hindi ko na siya makilala o mayakap o mahalikan; sapat na sa akin ang maging simpleng tagahanga.

Nang mabalitaan kong gaganap si Ate Guy sa stage adaptation ng *Minsa'y Isang Gamugamo* naisip ko na ito na ang pagkakataon kong makita si Nora nang harapan, acting on stage. Hindi ko ito mapapalampas. Determinado akong panoorin ang stage-play sa loob ng apat na sunod-sunod na weekend. Working student ako noon, service crew sa Wendy's, pero hirap pa ring pagkasyahin ang suweldo sa mga gastos sa pag-aaral — bayad sa boarding house, meals, at school projects. Para makatipid, nilalakad ko lang mula UE Recto hanggang Rajah Sulayman Theater sa Fort Santiago. Nababawasan pa ang pera ko ng limang pisong entrance sa Fort Santiago. Noong ikatlong linggo, nakapunta pa rin ako sa Fort Santiago, pero kulang na ang pera ko para makabili ng ticket. Nakinig na lang ako sa labas. Kuntento na akong marinig ang boses ni Ate Guy.



Cut to 1995, naging member ako ng Grand Alliance for Nora Aunor, Philippines (GANAP). Nakilala ko si Edgar Castro, ang presidente ng GANAP at December 24, magkasama kami sa parada ng Metro Manila Film Festival. Naglalakad kami palapit sa float ng *Muling Umawit ang Puso* nang matanaw kami ni Ate Guy. Pinasakay niya kami ni Edgar sa karosa para umalalay sa kaniya. Sabi sa akin ni Ate Guy, "Kapag kumamay ako sa tao, yakapin mo ako sa bewang." Panay ang pakikipagkamay ni Ate Guy sa mga tao, pero hindi ko siya mahawakan sa bewang. Sa sinturera lang niya ako humahawak. "Huwag diyan," sabi ni Ate Guy. "Yakapin mo ako sa bewang."

After the parade, isinama ulit ako ni Edgar sa bahay ni Ate Guy sa Midland sa Ortigas. Ipinatawag ni Ate Guy si Edgar sa kuwarto niya sa third floor ng bahay. Hinila ako ni Edgar. Pagbukas ni Ate Guy ng pinto, parang nagulat siya na kasama ako.

"Si Albert po, bagong miyembro ng GANAP," sabi ni Edgar.

"Oo, kilala ko na si Albert. Kanina ayaw akong yakapin, ayaw akong hawakan."

Napayakap ako kay Ate Guy at humalik sa kaniyang pisngi.

"Sige, kumain muna kayo," sabi niya.

Pagtalikod ko kay Ate Guy, tumulo ang luha ko dahil sa realisasyon na natupad ang pangarap ng aking kabataan.

Taong 1998, panahon ng kampanya ni Ate Guy sa pagkagobernador sa Iriga. Nasa opisina niya kami sa General Marcelino St., Quezon City, nag-eempake ng bag of goodies na dadalhin sa Bicol. Tulong-tulong ang mga miyembro ng GANAP at Federation. Natapos kami bandang ala-una ng umaga. Itinawag ko kay Ate Guy nang matapos ang aming ginagawa.

"Magpahinga na kayo," sabi ni Ate Guy. "At pumunta ka rito sa bahay bukas." Alam kong mag-aabot siya ng token para sa volunteers.

Kinaumagahan, may tawag sa probinsiya. Nasagasaan ng motoraklo ang nanay ko. Dinala siya sa hospital.

"Sige," sabi ko sa kapatid ko, "Uuwi ako ngayon din."

Nataon namang pinapapunta ako ni Ate Guy sa bahay niya. Sabi ng personal assistant niyang si Gina na "Sabi ni Ma'am, dumaan ka muna rito bago ka umuwi sa probinsiya."

Pagdating ko sa bahay ni Ate Guy sa Balete, ang sabi niya, "Ano ang nangyari sa nanay mo? Kumusta na siya? Tumawag ka agad sa akin pagdating mo sa probinsiya. Gusto kong malaman agad ang kalagayan niya." Inabot niya sa akin ang isang envelope. Alam kong pera iyon.

"Ate Guy, wala na po akong time para ibigay ito sa volunteers."

"Para sa iyo 'yan," sabi ni Ate Guy. "Dalhin mo sa probinsiya."

Tumanggi ako, pero nagpumilit siya. "Magagalit ako sa iyo kapag hindi mo tinanggap," sabi niya. "Nariyan ang sasakyan. Ipapahatid kita sa Cabanatuan."

Pauwi ako sa probinsiya, isang sakay lang sa Baliwag Transit. Sa bus station na lang ako nagpahatid.

Sa bus, habang bumibiyahe pauwi, dalawang bagay ang laman ng puso ko. Una, pag-aalala. Ano ang daratnan ko sa probinsiya? Baka malubha ang nanay ko? Pangalawa, ang realisasyong mahalaga ako kay Ate Guy. Bumangon siya nang maaga. Sino ba naman ako? Ordinaryong member lang ako ng GANAP. Wala pa akong nagagawa kumpara sa mga naging presidente ng kaniyang mga fans club. Hindi ang halaga ng laman ng sobre, kundi ang pagpaparamdam niya sa akin na importante ako sa kaniya. Mahalaga ako sa aking idolo.

Mula noon, higit pang lumalim ang pagmamahal ko kay Nora Aunor. Pero pakikibaka rin ang pagmamahal sa isang Nora Aunor. Maraming pagsubok. Maraming tanong. Mga tanong na hindi mo alam ang sagot. Marami kang makakaaway, makakasamaan ng loob, masasakripisyo, kahit mahal sa buhay.



Maraming nagtatanong kung bakit kay rami kong isinakripisyo para kay Ate Guy. Ang sabi ko, hindi sakripisyo ang tawag ko doon kundi pagmamahal. Kapag ang isang bagay ay ginawa mo para sa taong importante sa iyo, pagmamahal iyon. Mahal ko si Nora Aunor, kaya ang ginagawa ko para sa kaniya ay pag-aalay ng pagmamahal. Kaligayahan kong mahalin siya. Hindi iyon sakripisyo.

May nagsabi na si Nora Aunor ay parang apoy, magandang pagmasdan sa malayo pero napapaso ang sinumang lumapit. Totoo, pero hindi ako napaso. Namagneto ako ng pagmamahal ko sa kaniya. Hindi naman ito bulag na pagmamahal dahil kapag mali, mali. Sinasabi ko sa kaniya. Kapag tama, tama.

Hindi na rin ako bata. Wala akong pamilya; hindi na ako mag-aasawa. Kapag matanda na at nakaupo na lamang sa tumba-tumba, masasabi kong fulfilled ako sa buhay. Aalalahanin ko lang ang pinagsamahan namin ni Ate Guy, ang lahat ng Nora Aunor memories ko. Iyon ang bubuhay sa akin.

Halaw sa aklat na "Si Nora Aunor sa mga Noranlan, Mga Paggunita at Pagtatapat." Nestor de Guzman, Parugot, Millares Publishing Inc. 2005



JOJO LIM

Vilma Santos

Idol For All Seasons



Mula 1971, 11 years old ako at namulat sa aming bahay na kapag Linggo at may pelikula si Vilma Santos ay nanonood kami ng mother ko, sister, mga pinsan at auntie sa Cubao. Madalas kami noon sa Grand Theater, Sampaguita, New Frontier, and Nation, at laging marami talagang tao sa sinehan. Naalala ko pa ang movie nila ni Bobot Mortiz and Jay Ilagan, *Inspirasyon* na idinirek ni Ishmael Bernal; *Aloha, My Love* ni Direk Maning Borlaza at marami pang iba.

Vilmanian ang pamilya ko at mga kamag-anak, kaya nagustuhan ko na rin si Vilma; at bumilib ako sa ganda niya, sa galing sa pag-arte at versatility sa mga roles na ginampanan niya, *Kampanerang Kuba*, *Darna de Noche*, *Hating-gabi na Vilma*, at iba pa. 1973 ay lalong tumibay ang paghanga ko kay Vilma nang mapanood ko siya sa *Lipad*, *Darna*, *Lipad*. Grabe ang dami ng tao, nagsara ang takilya at breaking box-office record at tumagal sa mga sinehan ng dalawang buwan; at tinalo pa ang movie ni FPJ.

Sinubaybayan ko na talaga si Vilma sa movies and TV shows at nagkolekta na ako ng mga magasin na siya ang cover. Tuloy-tuloy na ang pagiging Box-office Queen ni Vilma, naka-apat na Darna movies siya and naging *Dyesebel* pa. Si Vilma ang natatanging Movie Queen na nakapareha lahat ng icons ng kaniyang panahon: sina FPJ, Joseph Estrada, Dolphy, Eddie Rodriguez, Dindo Fernando, Chiquito, Tirso Cruz III, Boyet De Leon, at iba pa.

Sa sobrang paghanga ko kay Vilma, bukod sa kasama ko ang pamilya ko na manood ng movies niya, nanonod pa ulit ako mag-isa at inilikot ko talaga mga sinehan na showing ang pelikula niya mula Cubao, Makati, and sa Manila. Ang saya-saya ko na talagang pinipilahan sa mga sinehan ang movies niya, at noong 1978 sa Metro Manila Film Festival ang entry niya na *Rubia Servios* with Mat Ranillo III & Philip Salvador, directed by Lino Brocka, sa parada pa lang, inabangan ko na ang karosa ng *Rubia Servios* sa may Metropolitan Theater at nang makita ko siya ay lalo akong humanga sa ganda niya at napakaputi, palagi pang naka-smile. Hinabol ko talaga ang karosa niya hanggang Qulapo and panay kaway ko sa kaniya. Basang-basa na ako ng pawis hanggang makarating na ako sa may Central Market at tumigil ang karosa niya, nakalapit ako at isinigaw ko pangalan niya VILMAAAAA! Inabot niya ang kaniyang kamay at nakamayan ko siya. Wow, heaven talaga ang first time ko siyang makamayan.

December 31 sa Coronet Theater sa Cubao, nanood ulit ako ng *Rubia Servios*. Grabe ang haba ng pila mula sa takilya, pa-ikot sa may kanto ng Family Bank. Umaapaw ang tao sa loob ng sinehan, Standing Room Only. Paglabas ko, nagulat ako at napakahaba pa rin ng pila at na-realize ko na talagang si Vilma ang tunay na Movie Queen and Box-office Queen. Sa harap ng Coronet Theater, may lumapit sa akin at nagpakilalang Vilmanian, Manuel Nava ang name niya at member siya



ng Solid Vilmanians. Niyaya niya akong pumunta sa bahay ni Vilma sa Magallanes Village and talagang sumama ako. Sobrang excited ako na makita si Vilma sa malapitan. New Year's Eve na 'yon at nag-alala ako na hindi ako nakapagpaalam sa amin. Pagdating sa bahay ni Vilma sa Magallanes Village, ang daming bus at jeep sa kalsada — mga Vilmanians na maraming tao. Si Papa Santos (tatay ni Vilma), ang nag-aasikaso sa mga fans, ang daming pagkain and sinabi niya sa amin na si Vilma ay nasa party pa sa Malacañang. Super excited ako at mga 2am madaling araw na nang dumating ang Limousine at may mga police escort, bumaba si Vilma na naka-gown kasama rin si Marichu Maceda. Wow, super ganda ni Vilma at ipinakilala ako ni Manuel sa kaniya at nagkamay kami. Heaven!

Mula noon, naging member na ako ng Vilma Santos Solid Philippines, hanggang maging president na ako ng grupo hanggang ngayon, at ang grupo ay naging Vilma Santos Solid International dahil sa dami ng members namin here and abroad na sumusuporta kay Vilma maging sa showbiz man o sa politika. At sa dami na ng mga personal encounters ko sa kaniya, laio akong humanga sa ugali niya at sa sinseridad sa pakikitungo sa amin at sa ibang tao. Hindi niya kami itinuturing na fans kundi friends. Pag pumupunta kami sa shooting ng movie niya o sa TV shows niya ay lagi niya kaming binibigyan ng oras para makausap at magpa-picture at megaling ang

memory niya para matandaan ang mga pangalan namin kahit sa dami naming nga Vilmanians.

1977 Metro Manila Film Festival entry ni Vilma ang *Burlesk Queen* ni Direk Celso Ad Castillo na hinakot lahat ng awards at that time including Best Actress. Ito rin ang pagsisimula ng pagiging daring niya as an actress. Naging aware na si Vilma sa pagpili ng script at movies na gagawin niya na kailangan ay makabuluhan at may matutuhan ang moviegoers at mga fans niya. 1978 ay nag-produce siya ang classic na *Pagputi ng Uwak Pag-itim ng Tagak*, dinirek ni Celso Ad Castillo. Nakasama niya si Charito Solis sa *Modelong Tanso*. 1980 ang *Langis at Tubig* ni Direk Danny Zialcita. *Miss X* ni direk Gil Portes. *Hiwalay, Karma*, at 1982 ang *Relasyon* ni Ishmael Bernal na nagbigay kay Vilma ng first ever Grand Slam Best Actress, nanalo siya sa lahat ng award giving bodies. Sa ngayon hawak ni Vilma ang record na 4-time Grand Slam Best Actress para sa *Relasyon*, *Dahil Mahal Kita: Dolzura Cortez Story*, *Bata Bata Paano ka Ginawa?*, at *Dekada '70*.

There's no stopping Vilma pagdating sa awards and box-office hits na mga pelikula: *Sinasamba Kita*, *Gaano Kadalas ang Minsan*, *Broken Marriage*, *Paano ba ang Mangarap?*, *Adultery Alda Macaraog Case 7892*, *Sister Stella L*, *Alyas Baby Tsina*, *Tagos ng Dugo*, *Saan Nagtatago ang Pag-ibig?*, *Pahiram ng Isang Umaga*, *Hahamakin Lahat*, *Kopag Langit ang Humatol*, *Ipagpatawad Mo*,

VILMA SANTOS Winner!

Dahil Mahal Kita: Dolzura Cortez Story, Bata Bata Paano Ka Ginawa?, Anak, Dekada '70, at Ekstra.

Vilma Santos' body of works is really outstanding! Her versatility is tops. 'Yan ang hinangaan ko sa kaniya: puwede siyang madre, burlesk dancer, kabit, AIDS victim, ekstra sa pelikula atbp.

Hindi lang sa showbiz ko hinangaan si Vilma gano'n din sa pagpasok niya bilang public servant sa Batangas: 9 years bilang Mayor, 9 years bilang Governor, at 6 years bilang Congresswoman. 24 years of service sa Batangas, at kaya naman ginawaran siya ng Malacañang ni President Benigno "Noy" Aquino III, ng highest government service award: ang Gawad Lingkod Bayan.

Saksi ako sa pagtulong niya sa mga projects para sa Batangas, roads, hospitals, cooperative, pangkabuhayan para sa mahihirap, schools at marami pang iba. At bilang Vilmanians, tumutulong din kaming mga members here and abroad sa pag-donate ng school bags, notebooks, computers, mga pang-dental at medical mission, pagbigay ng relief goods sa tao kapag binabagyo at/o pumutok ang Taal Volcano. Pati kaming Vilmanians, natuto sa pakikipag-kapwa tao at pagtulong sa mga nangangailangan.

Dahil kay Vilma, hinahamon ako na maging isang mabuting taong ipinaglalaman ang kaniyang karapatan (tulad ng sa Sister Stella L) at panatilihin ang pagmamahal at nakausat sa pamilya (tulad ng sa Anak at Bata Bata Paano Ka Ginawa?).

Dahil kay Vilma, hindi lang ako magiging tagahanga kundi isang mabuting tao at kapaki-pakinabang at may malasakit na Pilipino.

Si Vilma Santos ang nagsisilbing inspirasyon sa akin at sa marami nating kababayan.

Si Vilma Santos ang aking huwaring tutularan at susuportahan sa pagiging artista man o lingkod bayan.





A



Shooting the Tiyanak

For Sir Noel Ferrer

It was '88 and I was seven—*Tiyanak* shot in Supreme,
or was it Rivoli—one of those old cinemas tucked between streets.
Fog like wet paper on the screen, heavy enough to tear,
and they said, if you listened close, you'd hear baby cries long after.
My lola swore she did, her hand gripping mine—
I wanted to believe.

Fast-forward ten years—senior high school,
and that place cast shadows of another kind.
Flickers of bodies pressed close, outlines shifting,
light slipping through cracks like whispers.
I sat there, breath tight, half-drawn to the exit, half-stuck—
the shadows inside stretched long, waiting.
Darkness rippled behind the seats, something stirred,
the tiyanak maybe, or maybe—
just me, raw with wanting and wretchedness.

Another ten, maybe twenty years later—
I stopped counting, and the city seemed to shrink.
The streets seemed narrower, or maybe it was just me,
again, filling the spaces I used to slip through.
I walked, trying to trace where it stood, the cinema—
gone, or perhaps it was never there,
maybe it had crumbled while I was away.
The memory slipped—like rain on cameras, pooling,
then falling apart.

On the bus back to Manila,
I searched for *Tiyanak*, promised to download it later,
but the thought flickered—lost in the city signal.
And when I looked out the window, the fog rolled in—
not thick, just there, like something that waited,
like a target, like an old hand still holding on.

Memory was like that—things disappeared, people,
like monsters, like the old moviehouses that vanished
when you turned away.

That was the real horror, wasn't it?

The forgetting.

Or the remembering—what had been buried under the seats,
the fear we carried home, the bullet lodged inside,
the lives we leave behind.



Edgar Calabia Samar

is an award-winning writer and Associate Professor at Ateneo de Manila University, where he chairs the Department of Filipino. He has received numerous distinctions for his work in poetry, short stories, children's literature, criticism, essays, and novels, including the Palanca Memorial Awards, the National Book Awards, the National Children's Book Awards, and the NCCA Writers' Prize. He served as a Visiting Professor at Osaka University from 2017 to 2022 and was a writer-in-residence at the International Writing Program of the University of Iowa in 2010. He is currently the Vice Head of the National Committee on Literary Arts of the National Commission for Culture and the Arts. He is also a member of national organizations such as the Filipino Institute of Translation (FIT) and a former president of *Linang sa Imahen, Retorika, at Anyo (LIRA)*. Follow his IG: @ecssamar.

Matapos Panoorin ang Ulan

At sabi mo, bigla:

Paano kung may utak ang puso,
dalawa ang ulo, dalawa ang katawan.

Hindi dalawa ang puso, tulad sa kanta
na excuse lamang para sa mga salawahan.

Sa panganorin, nagbabatang umulan,
nais ko sariang hintayng bumuhos ang ulan
bago ka sagutin para magkaroon
ng mas akmaang background ang sagot ko
sa tanong mo na walang kasagutan.

Parang sa ffj 18 (5, 20), si Nadine, sa waiting shed,
habang kasama si Carlo.

Hindi ako si Nadine.
Hindi ikaw si Carlo.
Hindi pelikula ito dahil naglalakad
nga tayo at inisip ko, tang'nal
nakalimutan kong magdala ng payong!

Habang ang inaalala mo,
paano kung may utak ang puso?
Paano kung dalawa ang ulo?
Paano kung may katawan?

Ako at ikaw ang puso.
Ikaw at ako ang katawan.

Sabi ko, bilisan mo, gagol!

Hinawakan kita sa braso at tumakbo tayo
dahil ayaw kong mabasâ ng ulan.

Pero hindi tayo ang tumakbo.
Ako lang.
Paglingon ko, naiwan kang tila tuod
na natigmak sa tubig at unti-unting
inuusbungan ng mga sanga at dahon.

Dala-dala ko ang braso mo habang
tumatakbo pauwi sa bahay.
Walang lingunan.

Missing JLC

Kung ang pelikula ay sining, ano't nauulit
ang mga tauhan na ginagampanan mo? —

Kailangan mong pakiligin ang mga tao,
Sa bansang ito na laging uhaw sa pag-ibig.

Marahil, inisip mo, kilig na lamang ba
Ang kaya kong ibigay sa mundo?

Nilisan mong saglit ang puting tabing
Para kalingain ang sariling sining.

Naghihintay kaming muli kang magbalik
Na bitbit ang pag-ibig na lagpas sa kilig.



Jerry B. Gracio

Si Jerry B. Gracio ay makata
at manunulat para sa
pelikula at telebisyon.
Kabilang sa kaniyang
mga parangal ang UP
Centennial Prize for
Literature at ang Southeast
Asia Writers (SEAWrite)
Award sa Bangkok.



JERRY GRACIO

MMFF 50 : ANOTHER GOLDEN YEAR OF PHILIPPINE CINEMA

NOEL D. FERRER

The METRO MANILA FILM FESTIVAL (MMFF) was created by virtue of Presidential Proclamation Nos. 1459, 1485, 1533, 1533-A, 1647 and MMC Executive Order No. 85-04 and 86-09 which declares an annual festival for the exclusive showing of Filipino films in movie theaters nationwide, free from foreign competition, from December 25 up to January 4 of the following year, being extended until January 7.

Over the years, the festival has become a tradition for many Filipinos, who eagerly anticipate the screening of new and exciting films during the holiday season without competition from foreign titles.

THE METRO MANILA FILM FESTIVAL IS NOT AN ALL-ART FILM FESTIVAL. Through the years, it went through several versions — until it maintained its unique selling proposition — which is implemented by the present EXECOM — it being a film festival that caters to all the members of the Filipino Family during the Christmas Season.

The Selection Committee makes sure that we have a good mix of entries every year to feature films of different genres evaluated on a standard that balances film excellence and commercial viability.

So true to our objectives- the MMFF is here 1) to help in the promotion and development of the local film industry and 2) to raise revenues for its designated beneficiaries from the local movie industry.

The MMFF is managed by an Executive Committee with the MMDA Chairman as the Overall Chairman and assisted by different sub-committees in the implementation of the various programs and activities of the MMFF.

In the 50 years of the MMFF, it has initiated efforts like the New Wave Cinema section, the Student Short Film Caravan, Film Master Classes, the Covid Vaccination and Pandemic Support Program, the Subsidy for International Film Festivals for the Best Picture winners, and most recently, the Multi-Agency Serbisyo Fair for all the members of the entertainment industry.

Katulad ng dalawa pang film festivals — Cinemalaya at QCinema na namamayagpag at may suporta ng gobyerno, ang Metro Manila Film Festival (MMFF) ay patuloy na naghahanap ng balanse — kung ano ang sining at tatangkilikin ng manonood na Filipino.

May mas malaking kontekstong ginagalawan ang daigdig ng pelikula kung kaya't ang mga lahok sa MMFF ay magandang ibangga sa mga hamon ng panahon — at sa huli'y magbubunyi tayo dahil, sa kabila ng napakaraming hamon at pagsubok, ang mga ito'y naligpawan at napagtatagumpayan ng mga nagsusulong ng pelikulang Filipino:

- Noong 1970s - Ang pamamayani ng pelikulang mula sa Hollywood; ngunit naging Golden Age naman ng Philippine Movies
- Noong 1980s - Ang paglaki ng Amusement Taxes; ang isyu ng piracy; at ang mga temang politika sa pelikula na nakapaloob sa mga personal at panlipunang issue
- Noong 1990s - Naging sobrang commercialized ang mga pelikulang Filipino. Namamayani ang mga film franchises ng mga big box-office stars
- Taong 2000 - Ang unti-unting lumalakas na Independent Cinema sa bansa
- Taong 2015 - Revolution — isang pagbabagong anyo ng MMFF
- Taong 2017 - Isang ingklusibong pagyabong ng MMFF, naghahanap na ng middle ground sa mga indie at mainstream productions
- Taong 2018 - Pag-set ng bagong record sa box office
- Taong 2019 - Isang malakas na puwersa sa industriya ang MMFF, nagpanukala ng Summer MMFF
- Mula 2020-2021 - Pag-aangkop ng MMFF sa Covid Pandemic

- Taong 2022 - Balik Saya, Balik Pelikula
- Taong 2023 - Summer MMFF at maraming quality entries na nag-break pa ang box office records
- Taong 2024 - Countdown to the Golden Year and bringing MMFF to the World via the Manila International Film Festival (MIFF)

Kung kritikal man tayo sa ibang naging pelikula sa MMFF, 'yon ay dahil may sense tayo ng kung ano ang maganda sa pelikulang Filipino — at marami diyan — galing din sa MMFF. Nandiyan ang mga gawa ng mga National Artists — *Ganito Kami Noon, Paano Kayo Ngayon, Himala, Insiang, Ang Panday, Ina Ka Ng Anak Mo, Brutal, Moral, Jose Rizal, Muro Ami, Andrea, Paano Ba Ang Maging Isang Ina, Bulaklak Ng City Jail, Bona...* hanggang sa mga tulad ng *Kisapmata, Shake, Rattle and Roll, May Minamahal, Kasal Kasali, Kasalo, Tanging Yaman, Sunday Beauty Queen, Die Beautiful, Kung Maupay It Panahon, Ang Larawan, FanGirl, About Us But Not About Us*, and the recent award winning films na *Firefly* at *GomBurZa* pati na ang box office champion na *Rewind* at marami pang iba.

At sa ika-50 edisyon ng MMFF, sampung de-kalidad na entries ang aabangan natin:

- **And The Breadwinner Is...**, a drama-comedy starring Vice Ganda and Eugene Domingo, directed by Jun Lana.
- **Green Bones**, starring Dennis Trillo and Ruru Madrid, directed by Zig Dulay.
- **Strange Frequencies: Haunted Hospital**, starring Jane de Leon and Enrique Gil, directed by Kerwin Go.
- **Himala: Isang Musikal**, a reimagined musical by Pepe Diokno, starring Alcelle Santos and Bituin Escalante.
- **The Kingdom**, starring Vic Sotto and Piolo Pascual directed Mike Tuviera.
- **My Future You**, a romance starring Francine Diaz and Seth Fedelin, or jointly called "FranSeth." The movie is directed by Crisanto Aquino.
- **Uninvited**, a family-thriller directed by Dannie Villegas, starring Aga Muhlach, Vilma Santos, and Nadine Lustre.
- **Topak**, an action movie directed by Richard Somes, featuring Julia Montes and Arjo Atayde.
- **Hold Me Close**, a romance movie starring Julia Barreto and Carlo Aquino, directed by Jason Paul Laxamana.
- **Espantaho**, a horror film by Chito S. Roño featuring Judy Ann Santos and Lorna Tolentino.

Tuloy ang taunang parada sa December 21, at ang Gabi Ng Parangal sa December 27.

Seguradong may kuwentong MMFF tayong lahat!

Hangga't tinatangkilik ng mga Filipino ang mga pelikulang inihahain natin, mayroon tayong dapat matutuhan sa mga ito tungkol sa ating sarili at sa lipunan.

Kahit sa pagtaas o pagbaba ng bilang ng mga manonood natin — may matututuhan din tayo.

Natuto rin tayong mag adapt sa streaming — kaya't nag-MMFF na online na rin.

Patuloy tayong tumutuklas ng paraan upang maparami pa ang ating hanay, hindi dapat mag-away, bagkus maging daan para maghati-hati pa at maging eksklusibo.

Dahil sa mismong konsepto ng FESTIVAL — Pista ito na dapat — sama-sama, masaya, nagtutulungan, pampamilya... kaya nga pinag-iipunan, para maengganyo ang mga matatanda man o bata, anuman ang social class na pinanggalingan, anumang kasarian, o inabot na antas sa pag aaral.

Ituloy lang nating hikayatin ang mga Filipino na manood ng mga pelikula sa ating mga festivals at sama-sama pa rin nating hubugin ang mga pistang ito sa anyo at direksiyong nais nating patungahan: ang paglikha ng mga pelikulang sabay na umaantig, sumusuri, at lumilikha ng pagbabago sa ating sarili at lipunan.



Noel D. Ferrer


is a respected writer, critic, educator, talent manager and a film, television, resort, theater and concert events producer and an award-winning broadcaster. He is a philosophy graduate of the Ateneo de Manila University where he took his Masters in Communication Arts. He lectures in literature and media studies at the Department of English and Filipino and Communication Arts in the ateneo as well as in UP Diliman. He is part of the planning and widely followed Polytechnic Entertainment Portal and is involved in various print and broadcast writing projects including his bestselling book *BIKATIN AND Your Guide To Making Your Mark in Showbusiness* by Anis Publishing and his award-winning radio and online program *LEVEL UP in Radio-Inquirer* until it closed down and in *Radio Kalipunan* thereafter.

Noel serves as the Executive Director for the longest and long-running local festival - the Metro Manila Film Festival, the Project Director of SUDL National Music Awards at the National Commission of Culture and The Arts and one of the curators of the award-winning and pioneering Pinoy Playlist Music Festival.

Regarded as one of the most influential and excellent media practitioners by David Tangco, the Guild of Educators, Mentors and Students agency the other award-giving institutions. Noel rightfully earned his moniker as a multi-awarded, multi-media guru.

Noel Ferrer is the guest editor of this Pelikula Journal, Santelmo II issue.

50TH Metro Manila Film Festival





Mark Justiniani

studied painting at the University of the Philippines and works across various media, including canvas, assemblages, sculptures, and immersive installations. His art explores the intersection of reality and imagination, creating environments that challenge perceptions of space and time while inviting audiences to find the extraordinary within the mundane. He won the grand prize in the 7th Metrobank National Painting Competition, is a CCP 13 artist awardee, and received the Juror's Choice Award at the 1999 Philippine Arts Awards. A member of artist collectives like Salingpasa, ABAY, and Sanggawa, his works have been featured in significant exhibitions, including the 2nd Asia Pacific Triennial, Yokohama Triennial, Bangkok Art Biennale, and Children's Biennales at the National Gallery Singapore and the Japanese Palais in Dresden. His immersive solo exhibitions are at the 58th Venice Biennale in 2019 and the just concluded Void of Spectacles at Alencio Art Gallery in Manila.

FERRER AREVALO
VILLALUNA VALDELLON
VILLASIS LIONGOREN
KATIGBAK ALJAMA
DOMINGO FLORES
ALMARIO TIONGSON
BARRIOS DIOKNO
GIMATU LEE REYES
ROMERO DIAZ-ABAYA
LAGUESTA LIBIRAN
DAVID ABRAHAN
SAMAR DELA CRUZ
YUSON SARACHO
ROA-RODRIGO SUNGA
LIM ARCELLANA
JUSTINIANI GRÁCIO